# INFOcus

IN-DEPTH NEWS, FACTUAL AND RIGHT ON TARGET

THE OFFICIAL NEWSLETTER OF THE PROVINCIAL GOVERNMENT OF ISABELA





**HON. FAUSTINO "INNO" A. DY V**
NATIONAL PRESIDENT
LIGA NG MGA BARANGAY SA PILIPINAS

**HON. VICE GOV. ANTONIO T. ALBANO**
NATIONAL PRESIDENT
LEAGUE OF VICE GOVERNORS OF THE PHILIPPINES

## FIRST AMONG EQUALS

**Celebrating the emergence of two national presidents from the ranks of local leaders of the country's most awarded province**

INFOCUS 2019.indd 1 2/14/2019 4:45:47 PM






IsabelaINFOcus
IN-DEPTH NEWS, FACTUAL AND RIGHT ON TARGET

EDITORIAL BOARD

JOAN M. BALDO
Editor-in-Chief

ALVIN E. LAURAN
Associate Editor

ARNEL E. TUMOLVA
MA. FATIMA ANGELIQUE C. PLATA
Design & Layout

REYMIN LIGSAY
FRITZIE ROSE B. GUINGAB
News Editors

ROLDAN B. ARCEGA
KURT B. ALBANO
MC KEVIN A. FERRER
ALEXANDRE YANIYEV L. AQUINO
KEVIN G. JACOB
Photographers

ATTY. NOEL MANUEL R. LOPEZ
Adviser

## AN LVGP-LNB SPECIAL ISSUE JANUARY 2019

**IsabelaINFOcus** is published quarterly by the
PROVINCIAL GOVERNMENT OF ISABELA
with Editorial Office at
Provincial Information Office
3rd Floor, Capitol Building
Alibagu, City of Ilagan, Isabela.
Address all correspondence and inquiries to:
letters_info@yahoo.com

# EDITOR'S NOTE

## First things first

Isabela, the country's second largest province is a land of many firsts.

Over the last eight years of the Dy-Albano administration, the province has yielded close to seventy highly coveted awards from the most credible award giving institutions from both the government and the private sector, capped by a record eight *Hall of Fame* honors, unmatched and unprecedented in the province's history, spanning over one hundred sixty-two years.

In 2015, Isabela Governor Faustino Dy III was hailed as one of the *Ten Most Outstanding Governors in the Philippines* by the Office of the President and the Department of the Interior and Local Government. The award comes as no surprise given his solid track record and sterling reputation as an excellent local chief executive.

This is a first.

These recent developments are not lost on other LGUs. Like wildfire, the good news spreads just as fast. Governors and mayors from far and wide send their emissaries to benchmark and to learn from the Isabela experience. The Capitol has turned into a virtual university as our leaders open its doors and generously share our compelling stories of hope and resilience and our never ending quest for excellence. And they listen.

Another first.

Within a span of only two years, we witnessed the emergence of two national presidents from amongst the ranks of local leaders of the country's most awarded province. In 2016, Vice Governor Antonio Albano was elected National President of the League of Vice Governors of the Philippines. The feat was duplicated in 2018 by Punong Barangay Faustino Dy V who ran unopposed for the presidency of the Liga ng mga Barangay sa Pilipinas, the youngest in Liga history.

*Primus inter pares.* They are first among equals. Poster boys of all the best attributes of the Isabeleño, the quintessential public servants. Both exude youthful exuberance and charm that could muster the votes and win elections. Educated in the most prestigious universities abroad, they are highly articulate and have proven their competence, commitment and clarity of vision.

Yet again, another first.

The rest of the country is watching. Our leaders are doing it right and the good news of their exceptional performance resonates across the entire archipelago. They have earned the respect of dignitaries in government, won the approval of jurors and even the nod of critics, albeit, grudgingly. They enjoy the trust and confidence of their peers, winning in national elections while reinforcing Isabela's reputation as a powerhouse of local leaders of national stature.

Amid all the flurry and the fuss, all the raves and honors, our leaders remain grounded, never basking in the glory, always focused on the task at hand, never distracted from what is truly essential, and fully aware of the fact that at the end of the day, the interest of the Isabeleño will always come first.

This is one first that certainly lasts.

Joan
JOAN M. BALDO
Editor-in-Chief



INFOCUS 2019.indd 2-3 2/14/2019 4:46:05 PM



# Record number of barangay officials gather for LNB ISABELA GENERAL ASSEMBLY

**Over two thousand newly elected punong barangays and SK chairmen from Isabela's 1,018 barangays gathered at the ASEAN Convention Center in Clark, Pampanga last November 14 – 16, 2018 for the League's First General Membership Assembly.**

This was disclosed by the newly elected Liga ng mga Barangay Federation President and Sangguniang Panlalawigan Ex-Officio Member Faustino A. Dy, V.

*"The number of participants is a record high. It only shows the enthusiasm of Isabela's barangay officials, imbued with a fresh mandate from the people,"* Dy said.

The young President who was elected LNB National President was also very pleased at the participation of barangay secretaries and barangay treasurers from the province's 1,018 barangays.

The General Assembly is aimed at setting new directions for the Liga, updating the members of its new policies, plans and programs and aligning the same to the directives of President Duterte. *"There is an urgent need to realign our priorities with the major thrusts of the national government,"* he stressed.

*"The assembly serves as a forum to address the most urgent issues and concerns of barangay officials. Just like my father, I am willing to listen,"* he vowed. *"My term as President will always be participatory and consultative."*

The event was graced by top local officials led by Governor Faustino Dy III and Congressman Rodito Albano III, and national figures which included former Special Assistant to the President Bong Go and DILG Undersecretary for Barangay Affairs Martin Diño. In their respective messages, Diño disclosed the importance of asserting law and order in the countryside, while Go, who is running for the senate, pushed for the magna carta of barangay officials.

In his message before the general assembly, Dy urged all barangay officials, especially the punong barangays, to prepare for the Seal of Good Local Governance for Barangays (SGLGB) of the Department of the Interior and Local Government.

The SGLB is an award and incentives program for performing barangay governments in the areas of Peace and Order, Financial Administration, Disaster Preparedness, Social Protection, Business-Friendliness and Competitiveness and Environmental Management.

Resource speakers were also invited to discuss accountability of public officials, disaster preparedness, entrepreneurship and youth development. For the first time in decades, the SK Chairmen were invited to participate in the Assembly.

The Liga ng mga Barangay sa Pilipinas is a formal organization of all 42,044 barangays in the Philippines, making it the association of Philippine local government units with the largest membership.



MALACAÑAN PALACE
MANILA

My warmest greetings to the Liga ng mga Barangay Isabela as it holds its 1st General Assembly.

I commend the local government of Isabela for providing a platform for its barangay and Sangguniang Kabataan leaders to exchange ideas and insights on how to promote good governance and elevate the best practices in public service. May this gathering further inspire the participants to formulate and develop policies and programs that support the administration's goals for the overall progress of our nation.

I hope that you will remain our steadfast partner in harnessing the potential of the countryside as an agent of sustainable development. Together, let us forge a more inclusive, peaceful and prosperous Philippines for every Filipino.

I wish you a successful and meaningful event.

MANILA
January 2019

**RODRIGO ROA DUTERTE**



THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES



INFOCUS 2019.indd 4-5 2/14/2019 4:46:11 PM

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
DILG-NAPOLCOM CENTER EDSA CORNER QUEZON AVENUE,
WEST TRIANGLE, QUEZON CITY

My heartfelt congratulations to the Province of Isabela in the conduct of your First General Assembly of the Liga ng mga Barangay sa Isabela at the ASEAN Convention Center, Clark, Pampanga on November 14-16, 2018.

The Province of Isabela and its 1,018 barangays have always partnered with the national government in promoting good local governance, peace and order, and public safety.

At the same time, Isabela is our faithful ally in ensuring the efficient the effective implementation and completion of the locally-funded DILG projects in your jurisdiction greatly benefiting the Isabeleños and the general public.

The Department of the Interior and Local Government counts on your continued leadership in aligning the local initiatives of the Liga ng mga Barangay Isabela to that of the national government's thrusts and priorities.

It is my fervent hope that the barangay leaders in your province will continue to exert efforts and be one with us in our advocacy on barangay disaster risk reduction and management, environmental management, barangay transparency and accountability, as well as in our campaign against illegal drugs, criminality, corruption, and violent extremism.

Let us continue the journey together for real change.

Congratulations on your First General Assembly!

**EDUARDO M. AÑO**
Secretary



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF THE INTERIOR AND LOCAL GOVERNMENT
REGIONAL OFFICE NO. 02
CARIG SUR, TUGUEGARAO CITY, CAGAYAN

My warmest felicitations to the Liga ng mga Barangay Isabela Chapter for the successful conduct of its First General Membership Assembly on November 14 – 16, 2018 at the ASEAN Convention Center, Clark, Pampanga.

The theme *"1Barangay: Walang hihigit pa sa pwersa ng mga Barangay na Nagkakaisa"* should serve as a mantra for all local government officials and functionaries in order to realize inclusive growth and development in communities.

The success of local government units is also our success. Rest assured that we in the DILG will continue our commitment of inculcating the values of being Matino, Mahusay at Maaasahan in order to push forward all barangays in achieving meaningful and excellent local governance.

Bear in mind that the legacy we leave shall be the backbone of the youth who shall take the reins of government from us sooner than later. Life is fleeting and no one lives forever, what lives on is the legacy and the precedent which will be used by the youth today. Let us not fail them.

Mabuhay ang Liga ng mga Barangay!

**JONATHAN PAUL M. LEUSEN, JR., CESO IV**
Regional Director







*Going gaga over Bong Go.*




# Go vows to push for Magna Carta for barangay officials

Former Special Assistant to the President Christopher Lawrence "Bong" Go said he will pursue the enactment of a Magna Carta for Barangay Officials that will provide them additional benefits and social protection.

Go made the pronouncement in his keynote before the First General Membership Assembly of the Liga ng mga Barangay Isabela Chapter held recently at the ASEAN Convention Center in Clark, Pampanga. He vowed to study the possibility of providing salaries instead of honoraria and a mechanism that will enable barangay officials to receive allowances, insurance, medical, retirement and other fringe benefits regular government employees are entitled to.

He paid tribute to barangay officials noting the very crucial role they play in governance. *"President Duterte's campaign against drugs, corruption and criminality could prove very difficult without the support of barangay officials,"* he said. *"I am in solidarity with the League in their clamor for additional benefits."*

Go also stressed the importance of recognizing the role of barangay health workers, barangay nutrition scholars, day care workers, and barangay tanods as a comprehensive approach in championing the interest of the barangays.

Widely perceived as the person closest to the president, Go is running for the Senate in the May 2019 polls. Aside from his plans to advance the interest of barangay officials, he also unveiled his legislative agenda which prioritizes improved delivery of health services, including the institutionalization of *Malasakit Centers* across the country.

A *Malasakit Center* brings together in one room all concerned government agencies such as the Department of Health, Department of Social Welfare and Development, PhilHealth, PAGCOR and Philippine Charity Sweepstakes Office, to make it easier for poor patients to avail themselves of medical and financial assistance from the government.

**"President Duterte's campaign against drugs, corruption and criminality could prove very difficult without the support of barangay officials. I am in solidarity with the League in their clamor for additional benefits."**



INFOCUS 2019.indd 6-7
2/14/2019 4:46:15 PM




**THE SON ALSO RISES**

The grandeur of the Malacañan Palace provided a fitting backdrop to the oath-taking ceremonies of the National Executive Board of the Liga ng mga Barangay sa Pilipinas led by National President Faustino Dy, V, son of Governor Faustino G. Dy, III. President Rodrigo Duterte administered the Oath.

UNOPPOSED

# YOUNG ISABELEÑO IS NEW LNB NATIONAL PRESIDENT

**Humility made him choose to start at the bottom of the political ladder, but as fate would have it, he now finds himself on top of the biggest association of local government units in the country. Faustino Arcega Dy, V, Punong Barangay of San Fabian, municipality of Echague was recently elected national president of the Liga ng mga Barangay sa Pilipinas, the youngest in the entire Liga history. He ran unopposed.**

The twenty six year old village chief was sworn in by President Rodrigo Duterte in simple ceremonies held at the Rizal Hall of Malacañang. He was joined by other National Board Officers and Regional Chapter Presidents. Prior to his election as national president, he was elected president of LNB Isabela. As such, he also sits as Ex-Officio member of the Sangguniang Panlalawigan.

Dy is son and namesake of Isabela Governor Faustino Dy III and chef-entrepreneur and Isabela Green Ladies Organization president Mary Ann Arcega Dy. He finished his Bachelor of Science in Business Administration, major in International Business at the Hawaii Pacific University obtaining a 3.39 Cumulative GPA, and his Master of Social Sciences, major in Political Economy at the University of Sydney in Australia. He is an honorary member of the Delta Mu Delta International Honor Society.

The feat comes close to the heels of Vice Governor Antonio Albano's election as national president of the League of Vice Governors of the Philippines and Governor Dy's election to the Board of Director of the League of Provinces of the Philippines, making the province of Isabela a powerhouse of local officials turned national leaders.



# Isang Bukas na Liham mula kay KAP INNO

**National President, Liga ng mga Barangay sa Pilipinas**

Nang ako ay magpasyang maging isang lingkod bayan, naisip kong magsimula sa aming barangay sa San Fabian, bayan ng Echague. Ako po ay tumakbo sa halalan bilang punong barangay at pinalad na manalo. Batid kong napakapagandang *training ground* ang barangay para sa sinumang nais maglingkod sa ibang antas ng pamahalaan.

Hindi ko inaasahan ang mga sumunod na pangyayari na umabot sa aking pagkahalal bilang National President ng Liga ng mga Barangay sa Pilipinas. Tunay nga ang tinuran sa bibliya na *"Those who exalt themselves are humbled and those who humble themselves are exalted."*

Ang sabi ng iba, masyado pa akong bata para sa tungkuling ito, ngunit naniniwala ako na ang serbisyo publiko ay walang pinipiling edad, kasarian o estado sa buhay. Lahat po tayo ay may kakayahan at kalayaang magsilbi sa taong bayan.

Nagpapasalamat ako sa Diyos sa pagkakataong makapaglingkod. Nagpapasalamat din po ako sa inyo dahil ang lahat ng aking agam-agam ay napawi nang iparamdam ninyo sa akin ang inyong suporta. Ipinapangako kong maging tapat sa aking sinumpaang tungkulin at aking tutuparin ang malaking responsibilidad na nakaatang sa aking mga balikat, gaano man ito kabigat, dahil ang anumang bagay na ginagawa na may kasamang pagmamahal at hangaring maglingkod, ay nagiging magaan.

Bilang punong barangay, sa atin nakasalalay ang kaayusan at katahimikan ng ating nasasakupan. Makakamit po natin ito kung may sipag, tiyaga, malasakit at dedikasyon sa trabaho ang bawat isa.

Maaasahan po ninyo na sa aking panunungkulan bilang national president ng LNB ay aking isusulong ang interes ng mga barangay at ipapaabot sa mga lider ng bansa ang ating mga adhikain para sa ating nasasakupan.

Ayon sa kasaysayan, ang barangay ay nagmula sa salitang balangay na ang ibig sabihin ay bangkang panlayag. Ginamit ito ng ating mga ninuno upang maglakbay patungo sa ibang lupain. Tayo pong lahat ay nakasakay sa isang bangkang panlayag, nagtutulungan at nagmamalasakit para sa kapakanan ng bawat isa.

Lulan ng isang malaking barangay, sama-sama po tayong maglakbay patungo sa isang masaya, mapayapa at masaganang lalawigan ng Isabela.

Sumasainyo,

*Kap Inno*



INFOCUS 2019.indd 8-9 2/14/2019 4:46:15 PM



**B**agito sa pulitika kung ituring ng iba. Makisig, mahusay at matalino. Isang kabataang Isabeleño. Nagmula sa pamilyang tanyag sa larangan ng public service. Nag-aral at nagtapos mula sa mga prestihiyosong pamantasan sa ibang bansa.

**Katulad ng kanyang ama, naghangad din na maging lingkod bayan. Katulad ng kanyang ama, ninais din niyang mag-umpisa sa barangay – kung saan niya makikita at mararanasan ang mga reyalidad ng buhay.**

**Nanalo sa kanyang unang sabak sa eleksiyon at maging siya ay namangha dahil ito rin ang naging tulay niya upang maging bagong national president ng Liga ng mga Barangay sa Pilipinas, ang pinakabata sa buong kasaysayan ng samahan.**

**Narito ang eksklusibong panayam ng IsabelaINFOcus kay Hon. Faustino A. Dy, V na mas kilala sa bansag na Kap Inno.**

# Inno INFOcus

## Isang panayam sa bagong National President ng Liga ng mga Barangay sa Pilipinas

***Ano po ang mga paghahandang ginawa ninyo para sa inyong bagong tungkulin bilang LNB National President?***

Bago pa lamang ako sa aking posisyon, bago rin sa larangan ng serbisyo publiko. Alam kong marami pa akong dapat matutunan. Bilang National President, iniisip ko ang kapakanan ng lahat ng mamamayan sa bawat barangay. I read a lot. I do research. I have to study the provisions of the Local Government Code and other pertinent laws on barangays. Indeed, learning is a continuous process.

> “INDEED, LEARNING IS A CONTINUOUS PROCESS.”

***Ano po ang mga naumpisahan ninyong mga programa simula noong mahalal kayo bilang National President ng Liga?***

Ang ginagawa ko sa barangay ay alinsunod sa mga proyekto o programang ipinapatupad ng pamahalaang panlalawigan at ng National Government. We are doing our share pagdating sa sustainability and disaster preparedness… at sa dami din ng mga lumalapit sa aming tanggapan na humihingi ng dugo, itinataguyod din namin iyong blood letting na Blood Samaritan ang tawag.

Sa barangay, pinagpapatuloy ko rin iyong mga nagawa na ng dating kapitan, pinapaayos ko rin ang aming Day Care Center at yung Book Drive na ginawa natin, kasi kulang talaga ang mga supplies na ginagamit natin sa ating mga paaralan. Mayroon pang isa na hindi pa operational, pero tatawagin nating *Kusina ng Kalinga*. Isa itong centralized kitchen. It's a feeding program for our malnourished children. Nakipag-partner tayo sa Gawad Kalinga at DepEd na siyang kabalikat natin sa pagtaguyod ng *Kusina ng Kalinga*.





INFOCUS 2019.indd 10-11

2/14/2019 4:46:16 PM

# InnoINFOcus

isang panayam sa bagong National President ng Liga ng mga Barangay sa Pilipinas

***Ano po ang mga pagbabagong isinusulong ninyo sa Liga?***

Addressing poverty, hunger and education. I believe that the barangay could be the most effective in terms of delivery of basic services to the people. But the problem is, kulang tayo sa resources, sa support, tools, but it has the potential talaga. Pero kung ma-maximize natin ito at maging efficient ang system, at kung malaman natin ang best programs with regards to the various aspects of governance, at kung ma-cultivate iyan sa lahat ng barangays, sobrang bilis ng development. Bottoms-up approach is the best way to do it. Isa pa sa mga programa na isinusulong ko ay ang National Liga ID o iyong official ID ng barangay officials. It will take years pero kung mai-implement ay maganda. Hindi naman ito bago sa Liga, pero gusto kong ipagpatuloy ang mga benepisyo para sa mga barangay officials. Para sa akin, ang importante talaga diyan ay ang medical coverage and insurance. We will partner with the appropriate government agencies and even the NGOs para maipatupad ito.



***Paano po ninyo napapakinggan ang mga hinaing ng maliliit na barangay?***

Consultation is key. I always find time to listen. Ang isang lider ay dapat marunong makinig. Ang importante dito ay palagian naman kaming nagmi-meet ng Executive Board. Sila kasi iyong mga regional presidents ng buong Pilipinas and vice presidents ng Luzon, Visayas, Mindanao. Nakikipag-ugnayan tayo sa kanila kung ano ang mga sentiments ng barangay officials at ng barangay nila. Kasi hindi naman iyan pare-pareho, kaya nagkakaroon tayo ng general assembly twice a year para matiyak na mapapakinggan natin ang lahat ng hinaing ng mga kapitan. Kaya din ako umiikot at pinupuntahan ang mga nag-invite sa akin. Kaya pabalik-balik ako sa ibang probinsya upang malaman ang kanilang mga pangangailangan.

***Paano po ninyo kinakaya ang bagong responsibilidad na nakaatang sa inyong mga balikat?***

Noong una, talagang overwhelming, pero of course iyong mga kasamahan ko ay a lot older. Marunong akong makisalamuha sa tao, hindi naman ako nagmamarunong, nakikipag-coordinate naman ako sa kanila. Consensus building…to listen to other people's insights at para makagawa tayo ng programs na collective at gusto ng lahat. Iyon talaga ang ginagawa ko. I was asking for mentorship. Humihingi po talaga ako ng tulong mula sa mga past presidents at talaga naman pong tumutulong sila. I'm open to any suggestions. Open communication is very important in the barangay level. Para rin malaman talaga natin ang sentiments ng barangay officials para maiparating din natin sa mga mas nakatataas pa sa atin. Kasi dito sa probinsiya ako rin iyong nagpaparating kay Mayor, sa ating governor, kung ano ba talaga ang mga pangangailangan nila.

**BEING YOUNG IS A BIG ADVANTAGE, AND BEING EXPOSED TO FRESH IDEAS, SAKA YUNG WILLINGNESS TO TAKE RISKS.**

***Ano po ang inyong policy hinggil sa paggamit ng Aid to Barangay mula sa provincial government na nagkakahalaga na ngayon ng P200,000 bawat barangay?***

Noong nag-decide akong tumakbo bilang Liga National President and I had the chance na makausap ang mga chapter presidents ng ibang probinsiya, naikuwento ko na ang ating Provincial Government ay nagbibigay ng P200,000.00 every year sa lahat ng barangay dito sa Isabela. Lahat sila ay nagulat at nainggit dahil wala pa raw silang naririnig na ang provincial government nila ay nagbibigay sa mga barangay ng ganito kalaking halaga. 65% pa ng ating barangays dito sa bansa, iyong IRA more or less ay P1M lang, at ang puwede mo lamang gamitin sa development fund ng barangay ay P200,000.00. Kapag idinagdag mo itong P200,000.00 imagine in every year ang project na magagamit mo para sa barangay. Kasi ang problem sa IRA na P1M, kung P200,000.00 lang ang development fund, imagine kung worth P1M na project, 5 years bago mo matapos. Sobrang malaking tulong talaga ng naibibigay nito every year. Itong P150,000.00 po kasi diyan na MOA natin with the provincial government ay magagamit natin para sa projects, at P50,000.00 po ay para sa healthcare benefits para sa ating barangay.

Alam naman po natin na hindi rin sapat ang naibibigay ng national at provincial government, at ito kahit papano ay mayroon silang safety net kung sakaling sila ay mangangailangan kagaya ng emergency, ma-ospital, o kahit ano, kaya iyan po ang ginagamit natin. Parang ang response po diyan ay very positive po talaga sa barangay officials natin. Sabi nila, sa ibang probinsya they have never heard of a program na every year ay may natatanggap na P200,000.00 from their provincial government. Ang laki noon kasi kung 3 years kang naka-upo as punong barangay, P600,000.00 or P450,000.00 kasi sabihin mo na natanggal na yung P50,000.00 for healthcare - malaking tulong na iyan sa barangay. At nasa barangay na kung saan niya gagamitin o kung anong projects ang gagawin niya. Naempower ang ating barangay officials to make the right decisions at kung ano ang dapat iprioritize.

***Ano po ang nagbunsod sa inyo na mag-umpisa sa pinakamababang posisyon?***

Gusto kong makita at maramdaman kung ano ang concerns and problems sa barangay level. Kasi marami sa ating leaders ang nagkakaroon na ng gap at nade-detach na sa tunay na problema ng tao. At the barangay level, diyan talaga mararamdaman kung ano talaga iyong experiences at standard of living, at quality of life. Lahat ng iyan mage-gauge mo talaga sa barangay. Ito iyong nagmotivate sa akin na magumpisa sa pinakamababang posisyon. Iyon din kasi ang ginawa ng aking ama, kaya ito ang dahilan kung bakit effective leader ang aking ama, kasi alam niya ang mga sentiments and problems, at all levels - barangay, munisipyo, kaya he is effective in what he does. I think kaya rin niya nilaunch yung P200,000.00 kasi alam niya noong barangay captain siya na kulang na kulang talaga. He's been there. He knows the problem of village leaders.

***Sa inyong palagay, ano po ang advantages at disadvantages ng pagiging bagito sa larangan ng pulitika?***

Ang advantage sa akin ay ang pagiging open-minded. Being young is a big advantage, and being exposed to fresh ideas, saka yung willingness to take risks. Kapag bata, open to change - gusto natin ng pagbabago. Saka in my position, it's very demanding physically na mag-ikot pero okay lang sa akin. Iyong iba, may pamilya, pero ako, wala pa kaya kahit saan pa nila ako isabak.

I think naging receptive naman sila sa new ideas, kasi at the end of the day, tinatanggap din nila na we must be open to change, na may kailangang baguhin at nakikita rin nila yung hindi tama. Yun din ang gusto nilang baguhin – na we all look out for the changes at gusto rin nila sa mga anak nila na mas maginhawa ang buhay. Nakikita naman na nila iyong mga kailangang i-improve at receptive naman sila.

In terms of disadvantages, age gap could be a disadvantage. Sa conversation, pakikisama, iyong interests ko ay very different din sa interests nila. Iyong iba sa kanila, parang anak na lang ako, so very different lang sometimes. Pero I think yun din ang kagandahan, that's why receptive rin sila, kasi may collaboration. And you can build on that. Kung ano ang fresh ideas ko na kayang ideliver at kaya nilang palakasin pa dahil sa experience and wisdom nila. Minsan kung may idea na masyadong ambitious, para sa kanila hindi mo kayang gawin, we'll change it, magkakaroon ng collaboration. May consensus, may balance.








INFOCUS 2019.indd 12-13 2/14/2019 4:46:19 PM



***Kilala po ang lalawigan ng Isabela sa larangan ng disaster preparedness, ano po ang inyong posisyon hinggil dito?***

Sa amin po sa barangay, the more na nararanasan natin itong typhoons, sa dami ng napagdaanan natin, sa lahat ng experience natin sa bagyo, napinsala tayo, mas natututo tayo. Sa barangay level, ang trabaho namin ay maidentify na yung mga vulnerable areas, yung sa flashfloods. Recently, nakita natin iyong Roxas na puwede palang mangyari. Kasi sa barangay, mas alam talaga namin yung area at mga tao - iyong ine-evacuate natin, high risk areas natin, at kaya lang naman natin gawin dito in terms of, sa ating provincial government, sa barangay, is to give our full support. Yun naman ang ginagawa namin ever since, kasi napakagaling ng ating provincial government pagdating sa disaster risk reduction and management. Kaya naman kami, kung ano ang directive ng ating provincial government, ng Governor, sinusunod namin at all cost, because we are in the business of saving lives.

***Ano po ang nagudyok sa inyo na pumasok sa pulitika?***

Equal opportunity para sa lahat - iyan ang nakita ko. Kasi I was lucky enough na nabigyan ako ng pagkakataon na makapag-aral sa ibang bansa, ganoon na rin sa mas developed na city sa Manila. Nakita ko na bakit hindi lahat, hindi ko sinasabing in terms of development hindi ko gusto maging city lahat, pero iyong quality of life bakit hindi natin maabot. Bakit ang laki ng gap kung ikukumpara natin sa ibang bansa at siyudad na mas developed. Bakit iba iyong quality of life at opportunities na nakukuha ng bawat isa. Para sa akin, ito ang dahilan kung bakit ako pumasok. Ito iyong platform …try to implement positive social change. Ito ang way, an avenue, para mapakinggan…of course, there are other ways, pero ito yung para sa akin - your voice is going to be heard. Mas may influence ka na talagang marinig ang sentiments ng tao and you have the authority to really implement programs na mas makakabenefit or makakatulong talaga sa mga tao, to uplift their quality of life.





# HE ALWAYS TELLS ME TO SPEAK FROM THE HEART.

***Ano po ang pinakamagandang aral na natutunan ninyo mula sa inyong ama?***

I guess ang lagi kong iniisip habang nandito ako sa public service ay yung sinabi sa amin, sa aming magkakapatid, ng aming ama dito sa ganitong trabaho, the welfare of the people should always be top priority. At kung iyong programs mo ay naka-align sa tao, sa mas nakararami, you're on the right track. Tapos yun lang din, iyon yung palagi kong iniisip, yung kapakinabangan ng tao sa barangay, at doon dapat naka-align ang projects and programs. He always tells me to speak from the heart. Yun ang palagi niyang advice.





INFOCUS 2019.indd 14-15 2/14/2019 4:46:23 PM



***May nararamdaman po ba kayong pressure dahil sa narating at napatunayan na ng inyong ama?***

Siyempre hindi maiiwasan iyong pressure. Kasi yung expectations sa akin ng lahat, ay I guess mataas na mataas talaga dahil sa performance ng aking ama sa kanyang mga programs, his long experience, and solid track record na napakaganda sa public service. Of course may pressure ito na to really bring out the best in me, pero it's a good kind of pressure. I am the type of person na mas gusto ko yung may pressure kasi it really brings out the best in me. Kung walang pressure minsan, hindi ka gagalaw eh, kasi kung may pressure, mas magtatrabaho ka ng maigi at pagsisikapan mo yung ginagawa mo. And yes merong pressure talaga hindi maiiwasan yun.

I think regardless kung wala o meron yung dad ko sa picture, being young and in this line of work, malaki talaga yung pressure, kasi of course everyone's expecting. And of course, you want to prove them right and wrong at the same time. Yung mga taong hindi naniniwala sa kakayahan mo, you want to prove them wrong. Yung mga naniniwala na kaya mong gawin, gusto mo naman ipakita talaga na kaya mo na to empower talaga yung mga kabataan na kaya nating gawin yung mga ganitong roles na kahit malaking responsibilidad, hindi dapat ito maging barrier, hindi dapat barrier na magampanan yung roles natin. Learn as much as you can. Work hard. Ask for help from mentors. Kasi everyone starts somewhere. Wala namang nagsisimula na magaling agad. Ang importante, one has the heart for public service.

## ANG IMPORTANTE, ONE HAS THE HEART FOR PUBLIC SERVICE.

## I'm just being myself. Yun lang. You create your own identity by being yourself.

***Ano po ang ginagawa ninyo para magkaroon ng sariling tatak sa pulitika?***

Actually wala naman akong ginagawang special. I'm just being myself. Yun lang naman yun e, you create your own identity by being yourself. Hindi mo kailangang magextra effort. Yun lang, magpakatotoo lang. Doon ka makikilala. Kasi doon naman mabibuild yung identity mo as a person.

***Kung wala po kayo sa mundo ng pulitika, ano kaya ang propesyon ninyo ngayon?***

Most likely, chef or magtatayo ako ng restaurant, kasi balang araw pagretire ko, dito siguro one day, kaya ako sumali noon sa *Bambanti* cookfest. Iyon talaga ang balak ko, maging chef, gusto ko talaga magluto. Kasi I guess enjoy e, kapag pinagluluto mo iyong mga tao, public service na rin yun eh in a way. Kasi, be it in the kitchen or at work, I want to make other people happy. We grew up na gusto naming magluto, yung dad ko, yung mom ko, my brothers. We just love to cook and eat.



# Pagpugay sa Tagumpay ng BARANGAY

*ni Reymin Ligsay*

Nagbibigay-pugay ang patnugot ng IsabelaINFOcus sa husay ng mga matagumpay na barangay ng Isabela, sa iba't-ibang larangan o aspeto ng pamamahala.

Ang mga opisyal ng barangay na tampok sa seryeng ito ay nagpamalas ng galing, sipag, dedikasyon at pagkamalikhain sa pagtaguyod ng mga programang nagsusulong sa interes ng mga mamamayan at lalo pang nagpatanyag sa lalawigan ng Isabela bilang ***Center of Excellence in Governance.***

Nawa'y magsilbing inspirasyon ang mga kuwentong ito sa ibang lingkod bayan upang lalo pa nilang pag-ibayuhin ang paglilingkod sa mga Isabeleño.



INFOCUS 2019.indd 16-17 2/14/2019 4:46:37 PM



Ang DRRM Team ng Brgy. Alinguigan 2nd, City of Ilagan kasama si Gov. Faustino G. Dy, III.

# BDRRMC Alinguigan 2nd, nanguna sa buong Pilipinas iniluklok sa Gawad Kalasag Hall of Fame

Gumawa ng kasaysayan ang Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee ng Barangay Alinguigan 2nd matapos itong manalo sa ikatlong pagkakataon bilang *Best BDRRMC in the Philippines* sa pinakahuling Gawad Kalasag noong Disyembre 2018. Tuluyan na rin itong iniluklok sa *Hall of Fame.*

Ang Pilipinas ay binubuo ng 42,044 barangay kung kaya't itinuturing itong isang malaking karangalan ng Alinguigan 2nd, ng siyudad ng Ilagan at ng lalawigan ng Isabela. Ang PDRRMC Isabela ay nauna nang iniluklok sa Gawad Kalasag *Hall of Fame* noong 2017.

Ilan lamang sa mga *best practices* kung bakit naitanghal na Best BDRRMC ang Alinguigan 2nd ay ang kanilang mahusay na pagpaplano at paghahanda bago pa man pumasok ang bagyo sa Philippine Area of Responsibility (PAR). Kasama sa paghahanda ay ang pagbawas sa sanga ng mga punongkahoy na maaaring maging dahilan ng pagkaputol ng mga kawad ng kuryente at ang pag-imbak ng mga *relief goods* na nakahanda na para maipamahagi kaagad anumang oras na kailanganin.

Regular din silang nagsasagawa ng mga pagsasanay, mga *simulation drills* at inspeksiyon sa mga bahaing lugar sa barangay. Nagsasagawa din sila ng mga regular meeting, *waste segregation* o ang wastong paghihiwalay ng mga basura, *clean-up drive* o regular na paglilinis sa barangay, gayundin ang mahigpit na pagpapatupad ng mga ordinansa katulad ng *"no sail policy"* at *"liquor ban"* bago at habang nananalasa ang bagyo.

Ang BDRRMC ng Alinguigan 2nd ay may kumpletong kagamitan na pangkomunikasyon katulad ng mga computer, mga *built-in CCTV*, radyo at *mobile phones.* Mahusay din nilang ipinatutupad ang Early Warning System gamit ang public address system (PAS), megaphones, paggamit ng mga kampana ng simbahan, gayundin ng mga *sign boards* at *signages* na inilalagay sa mga strategic na lugar sa barangay.

Habang ginagampanan ng mga opisyal ng barangay ang kanilang mga tungkulin at responsibilidad, kinikilala din nila ang mahalagang ambag ng iba pang lokal na samahan kagaya ng Asosasyon ng mga Ama (AMA), Ilagan Association of Women (ILAW), Katipunan ng mga Kabataan, Bikers Club, Tricycle Operators and Drivers Associations, at mga kooperatiba ng barangay bilang *force multipliers.* Ang pagkakaisang ito at ang adhikaing *"Love All, Serve All"* ng Barangay Alinguigan 2nd ang pangunahing dahilan kung bakit ang kanilang barangay ay Best Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee sa buong Pilipinas.



# Bagumbayan, itinanghal na Most Outstanding Barangay sa Region II

Ang Lambak ng Cagayan ay binubuo ng 2,311 barangay. Ayon sa DILG, ang pinakamahusay sa mga barangay na ito ay nagmumula sa siyudad ng Ilagan, lalawigan ng Isabela.

Sa ikatlong pagkakataon ay muling itinanghal na Most Outstanding Barangay in Region II ang barangay Bagumbayan sa LGU Incentives and Awards ng DILG at tuluyan na rin itong iniluklok sa *Hall of Fame.*

Sa kabila ng karangalang kanilang nakamit, buong pagpapakumbaba pa ring sinabi ni Punong Barangay Danilo Toribio na ginagawa lamang nila ang kanilang tungkulin bilang tagapangasiwa ng barangay. *"Wala kaming ninais kung hindi ang kaayusan, kapayapaan at progreso ng Bagumbayan,"* aniya. Si Toribio ay *Hall of Famer* bilang *Most Outstanding Barangay Executive* at itinanghal ding pinakamahusay ang kanilang Sangguniang Barangay.

Ayon kay Toribio, dedikasyon at pagmamahal sa kapwa ang sikreto upang maisakatuparan ang ating mga adhikain. Binanggit din niya ang kahalagahan ng maayos na pangangasiwa sa mga records ng barangay. *"Hindi ako nahirapan sa pamumuno sa barangay dahil may pagkakaisa at ang bayanihan spirit ay buhay na buhay. Maaasahan ang aking mga kapwa barangay officials, at iisa lang ang hangarin namin – maging payapa at progresibo ang Bagumbayan,"* madamdamin niyang pahayag.

Ayon pa kay Toribio, nagpakitang gilas ang Bagumbayan sa mga sumusunod na aspeto ng pamamahala ng barangay:

- *Pagpapanatili ng maayos, matiwasay at tahimik na barangay*
- *Pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng mga lansangan at kapaligiran*
- *Pagsasagawa ng clean and green activities kada huling Biyernes ng bawat buwan*
- *Pagsasagawa ng barangay assembly dalawang beses kada taon*
- *Regular na pagmomonitor sa bawat purok kada Linggo, katuwang ang mga purok leaders*

*"Bilang isang barangay na hall of famer, binibigyan namin ng pansin at lunas ang mga problema ng barangay, maliit man ito o malaki. May parangal man o wala, patuloy pa kaming mag-iisip ng mga hakbang para lalo pang mapaganda at maitaas ang kalidad ng serbisyo sa barangay. Lagi kaming makikiisa sa mga programa at susunod sa mga direktiba ng city government, ng provincial government at ng DILG para sa mas maayos na pagganap sa aming mga tungkulin,"* pagwawakas ni Toribio..



Ang mga pambato ng Brgy. Bagumbayan, City of Ilagan sa pangunguna ni Punong Barangay Danilo Toribio, kasama sina City Mayor Evelyn Mudz Diaz at Vice Mayor Vedasto Villanueva.



INFOCUS 2019.indd 18-19
2/14/2019 4:46:39 PM



Ang mga kabrigada ng Brgy. San Miguel sa bayan ng Ramon.



# San Miguel, umarangkada sa Brigada Eskwela

Masigla, aktibo, organisado at buhay na buhay ang diwa ng *volunteerism* sa Barangay San Miguel, Ramon, Isabela.

Muli na naman itong pinatunayan ng barangay sa pamamagitan ng kanilang pagkakaisa at pakiisa sa taunang pagsasagawa ng Brigada Eskwela kung saan lahat ng sektor ay aktibong nakikilahok sa programa. Dahil dito, itinanghal ng Department of Education, Isabela ang San Miguel Integrated School (SMIS) bilang kampeon sa timpalak para sa Best Brigada Eskwela Implementer.

Nakasaad sa Brigada Eskwela Implementing Guidelines na kailangan na ang Division ang magsagawa ng pagsusuri kaugnay ng 2018 Best Brigada Eskwela Implementers para sa small, medium, large, at mega schools sa elementarya at sekondarya. Isinagawa ang Division Level evaluation noong Hulyo 2018. Ang kampeon sa area level at first runner-up sa iba't ibang kategorya sa elementarya at sekondarya ang opisyal na isinama sa division level evaluation.

Ang SMIS ay itinanghal na kampeon sa kategoryang mega ng elementarya dahil sila ay nagpakita ng diwa ng bolunterismo na siya namang natunghayan ng mga sumuri sa kanilang eskwelahan. Nasunod nito ang lahat ng mga pamantayan sa maayos na pagsagawa ng Brigada Eskwela.

Simula sa pagpaplano hanggang sa mga araw mismo ng pagsagawa ng proyekto, ay aktibong nakilahok ang mga guro, mga magulang, mag-aaral, mga opisyal ng barangay, gayundin ang pribadong sektor. Sa loob ng anim na araw ng Brigada ay sama-sama ang lahat sa paglilinis, pagbunot ng mga damo, pagpipintura at iba pang gawain para masiguro ang kahandaan ng paaralan sa araw ng pasukan ng mga bata.

Ipinaabot ng mga Overseas Filipino Workers (OFWs) ng Barangay San Miguel ang kanilang pakikiisa sa pamamagitan ng mga donasyong school supplies. Maging ang Jollibee ay nakiisa sa pamamagitan ng pamamahagi ng *instructional materials* at mga kagamitan sa paglilinis.

Pinangunahan naman ng Red Cross Isabela Chapter ang pagsagawa ng first aid training na nilahukan ng mga magulang at mag-aaral. Aktibo ring nakiisa ang mga magulang at mga opisyal ng barangay sa *"Donate Blood, Help Save Lives!"* ng Red Cross. Samantala, pinakatampok sa huling araw ng Brigada ang turn-over ng proyektong *covered walk* na handog ng MLhuiller Corporation para sa mga mag-aaral ng SMIS. Taos-pusong nagpasalamat ang pamunuan sa lahat ng tumulong sa malawakang Brigada Eskwela na may temang *"Pagkakaisa Para sa Handa, Ligtas at Matatag na Paaralan Tungo sa Magandang Kinabukasan."*

Bilang bahagi ng lipunan, lahat tayo ay may ginagampanang papel sa pagsasakatuparan ng ating mga adhikain para sa pamayanan. Ang kontribusyon ng bawat isa, gaano man kaliit pag pinagsama-sama, ay tiyak na malaki ang maiaambag sa pagpapaunlad ng kalidad ng edukasyon sa ating mga barangay. Ika nga sa wikang Ingles, *"It takes a village to raise a child."*








Ang mga kabataang lider ng Brgy. Sto. Domingo, bayan ng Quirino kasama sina Gov. Faustino G. Dy, III, LNB National President Faustino "Inno" Dy, V at SK Provincial Federation President Dax Paolo A. Binag.




# Kuwentong alkansiyang kawayan ng Sto. Domingo

Ang kuwentong ito ay tungkol sa isang pangkat ng lider kabataan mula sa barangay Sto Domingo, bayan ng Quirino, na kilala sa tawag na Quirinian Youth-In-Action (QYA), at kung paano nila pinatanyag ang alkansiyang kawayan.

Nagsimula sa mga alkansiyang kawayan na may iba't ibang disenyo, hugis at laki, mga produktong pangkabuhayan mula sa mga malikhaing kamay ng mga kabataan, ngayon ay umani na ng pagkilala at parangal mula sa Department of Trade and Industry (DTI) bilang *Most Innovative Product* sa 11th Padday na Lima Regional Trade Fair sa Festival Mall na ginanap sa Alabang, Muntinlupa City noong Setyembre 2018.

Naging tampok din ang iba pa nilang mga produktong kawayan sa ginanap na Manila FAME trade show noong Oktubre 2017 sa World Trade Center, Pasay City. Ang Manila FAME ay itinatag ng DTI sa pamamagitan ng Center for International Trade Expositions and Missions (CITEM) upang ipakilala ang mga produktong Pinoy sa pandaigdigang pamilihan.

Ginawaran din ng parangal ang QYA bilang *Most Outstanding Youth Organization of Isabela* sa 3rd Provincial Youth Summit na ginanap sa Piazza Zicarelli noong ika-17 ng Disyembre 2018.

Ang QYA na may kabuuang miyembro na 123 kabataan mula sa barangay Santo Domingo ay itinatag noong 2013. Ito ay asosasyon ng mga kabataang *professional* at mga *out-of-school youth (OSY)* ng barangay na may layuning magkaisa ang mga kabataan para makatulong sa kanilang komunidad.

Naging ganap na organisasyon ang kanilang pangkat nang mairehistro ito sa Department of Labor and Employment (DOLE) bilang Quirinian Youth-In-Action (QYA). Mas lalong naging aktibo ang QYA at sa tulong ng kanilang lokal na pamahalaan at iba pang ahensiya ng pamahalaan ay nakapagsagawa sila ng mga pagsasanay katulad ng *Bread and Pastry Making, Computer Literacy* at *Handicrafts Making.*

Sa kasalukuyan, pinagtutuunan ng pansin ng QYA ang kanilang Project ABCD o Artistic Bamboo Crafts and Designs, malikhaing paggamit ng kawayan bilang dekorasyon o palamuti sa mga tahanan at tanggapan. Kumikita na sila at lalo pang nahubog ang kasanayan at talento ng mga kabataan.

Samantala, binibili ng QYA sa mga magsasaka ang mga kawayan na ginagamit nila bilang pangunahing materyal sa proyekto. Dahil dito, naging alternatibong pangkabuhayan pa ito ng mga magsasaka, hindi lamang sa barangay Sto. Domingo, kundi maging sa karatig-barangay. Sa ganitong paraan, mas lalong nahihikayat ang mga magsasaka na magtanim pa ng maraming kawayan. Ayon sa mga pag-aaral, malaking tulong ang mga kawayan laban sa mga lasong *carbon* at iba pang mga kemikal na nakakapinsala sa kapaligiran.

Mula sa mga pondong nalikom ng QYA sa kanilang Project ABCD, nakapagsagawa sila ng mga *leadership seminar* o mga pagsasanay para sa pagpapaunlad sa sarili at mga *sports fest* sa kanilang mga pamayanan. Nakapaglaan din sila ng pondo para sa kanilang programang Care To Share, isang *outreach program* para matulungan ang mga kapus-palad na mga bata sa kanilang barangay.

Plano ngayon ng QYA ang magpatayo ng *Bamboo Nursery* at *Bamboo Processing Center* para mapalago ang iba't ibang uri ng kawayan sa kanilang barangay at para mapalaganap din ang *eco-tourism.*

Tiyak na tuwang-tuwa si Gat Jose Rizal sa mga kabataan ng barangay Sto. Domingo at sa kanilang kuwentong alkansiyang kawayan, na tunay namang maipagmamalaki.





INFOCUS 2019.indd 20-21 2/14/2019 4:46:40 PM



Paggawad nina Provincial Administrator Atty. Noel R. Lopez at PENRO Geronimo Cabaccan sa Brgy. Casibarag Sur bilang Environment-Friendly Barangay 2018.



## *Denguerous*

# Casibarag Sur, rumesbak

Buong tapang na rumesbak ang barangay Casibarag Sur sa bayan ng Cabagan, laban sa pesteng lamok na nagdudulot ng dengue. Bahagi ito ng *"Todas Dengue, Todo na 'to"*, ang pinakamalaki, pinakakomprehensibo at pinakaagresibong kampanya ng pamahalaang panlalawigan ng Isabela laban sa sakit na dengue.

Ang kampanya ay batay sa Executive Order No. 19, Series of 2018 ni Governor Faustino Dy III. Nagdeklara ng isang special non-working day si Dy sa buong lalawigan ng Isabela upang himukin ang lahat na magsagawa ng *clean-up drive* para sirain ang mga lugar na pinamamahayan ng mga lamok at tuluyang mapuksa ang pagdami nito.

Ang lahat ng 1,018 na barangay ng lalawigan ng Isabela, kabilang na ang Casibarag Sur, ay nakiisa at buong pusong sumuporta sa programang ito ng lalawigan. Nagsama-sama ang mga lider ng lokal na pamahalaan, mga opisyal ng barangay, guro, mag-aaral, magsasaka, mga propesyonal, at maging ang pribadong sektor sa paglilinis sa kanilang mga tahanan, bakuran, paaralan, tanggapan, simbahan, lansangan at iba pang mga pampublikong lugar upang matiyak ang kalinisan at kaligtasan ng kanilang mga pamayanan. Ang ilang resbakers ng barangay ay lumusong pa sa mga estero at imburnal, ang paboritong tambayan ng mga lamok.

Ayon kay Punong Barangay Glenn Aggabao, wala pang naitatalang kaso ng dengue sa kanilang lugar. *"Ngunit hindi ito dahilan para tayo ay maging kampante. Kailangan nating kumilos bago pa man dumating ang problema. Ang isang malinis na kapaligiran ang ayaw na ayaw ng mga pesteng lamok,"* aniya. *"Kaya dapat nating paigtingin ang kampanya laban sa dengue."*

Kamakailan lamang ay nakamit ng barangay Casibarag Sur ang pangalawang puwesto sa *Search for Most Environment-Friendly Barangay* sa lalawigan ng Isabela.

*"Basta't may pagkakaisa at pagtutulungan, mapagtatagumpayan nating makamit ang lahat ng ating mga adhikain para sa isang malinis, ligtas at kaaya-ayang lalawigan ng Isabela. Napakalaki ng papel ng barangay sa pagkamit nito,"* pagtatapos ni Aggabao.

**BARANGAY CASIBARAG SUR, CABAGAN**




Ang BDRRMC ng Brgy. Magsaysay, Cordon sa pangunguna ni Punong Barangay Diosdado A. Casticimo.




# Magsaysay, DRRM Barangay

Ang Barangay Magsaysay sa bayan ng Cordon ay isang matiwasay, progresibo at maayos na barangay, ngunit hindi maikakailang sa panahon ng sakuna ay marami sa kanila ang nasasalanta. Kaya naman sinikap ng mga opisyal ng barangay na pagtibayin ang BDRRMC nito o Barangay Disaster Risk Reduction Management Committee na binubuo ng mga opisyales ng barangay sa pamumuno ng kanilang punong barangay. Dahil sa pakikiisa ng mga mamamayan sa barangay ay mas napapa-igting ang kahandaan sa mga pamayanan.

Ayon kay Punong Barangay Diosdado Casticimo, bago pa man mag-landfall ang bagyo ay pinapa-alalahanan na nila ang bawat mamamayan na maghanda sa pamamagitan ng pakikipagugnayan sa bawat purok leaders sa lugar at pag-iikot ng mga barangay official upang i-anunsyo ang mga babala, para mapaghandaan ng mga mamamayan ang pagdating ng bagyo. Istriktong binabantayan din aniya ng mga opisyales ng barangay ang pag-inom ng nakalalasing na inumin alinsunod sa *liquor ban* na ipinapatupad sa buong lalawigan ng Isabela tuwing may paparating na bagyo.

Sama-sama din aniya sa *clearing operations* ang mga opisyal ng barangay kasama ang ilang *volunteers* para putulin ang mga sanga ng mga punong-kahoy na maaring magdulot ng pinsala sa mga kawad ng kuryente. Maging ang mga barangay health workers at mga Green Ladies sa lugar ay tulong-tulong sa pagpapakete ng mga *relief goods* na nanggagaling sa kapitolyo at munisipyo.

Dahil din aniya sa tulong pinansyal na ibinibigay ng pamahalaang panlalawigan ng Isabela ay nagamit nila ito bilang dagdag pondo para i-convert ang kanilang community center upang maging evacuation center para magsilbing tirahan para sa mga kabarangay nilang nababaha at mga kabarangay na napinsala ang mga tahanan. Upang matiyak ang kaligtasan ng mga mamamayan, nagsasagawa din ang BDRRMC ng *pre-emptive* at *forced evacuation* sa mga lugar na bahain o may panganib ng pagguho ng lupa.

Ayon kay Casticimo, napakalaking tulong ang ibinibigay na Aid to barangay ng Dy-Albano Administration na nagkakahalaga ng 200,000 pesos kada taon. Nagagamit aniya nila ito para sa mga *infrastructure projects* ng barangay para mapakinabangan ng buong mamamayan. Isa na nga dito ang kanilang Evacuation Center na tiyak na makakapagligtas ng maraming buhay. Dahil dito ay Always Ready ang Barangay Magsaysay sa anumang sakuna kagaya ng *Always Ready* na pagtulong ng pamahalaang panlalawigan ng Isabela sa bawat mamamayang Isabeleño.

*"Maliit man ang aming barangay ay sinisiguro namin kasama ang aking mga kapwa opisyal ng barangay na ligtas at handa kami sa anumang sakuna na maaaring dumating sa amin. Sana ay hindi magsawa ang munisipyo lalong-lalo na ang pamahalaang panlalawigan ng Isabela sa patuloy na pag-abot ng tulong sa amin dahil kung tuloy-tuloy ito ay tuloy-tuloy din ang progreso ng bawat barangay sa ating lalawigan ng Isabela,"* dagdag niya.

**BARANGAY MAGSAYSAY, CORDON**


INFOCUS 2019.indd 22-23
2/14/2019 4:46:45 PM



Ang luntiang gulayan ng San. Fabian ay nakatutuwang pagmasdan.



Paggawad nina Provincial Administrator Atty. Noel R. Lopez at PENRO Geronimo Cabaccan sa Brgy. San Juan bilang Most Environmental Friendly Barangay 2018.

# Pagyabong ng organic farming, isinusulong ng San Fabian

Karamihan sa mga magsasaka sa ating bansa ay hindi sapat ang kinikita para matustusan ang mga pangangailangan ng kanilang pamilya. Kaya naman ang Pamahalaang Barangay ng San Fabian, Echague Isabela ay gumawa ng *communal garden* na kilala sa tawag na *San Fabian Organic Farm* na matatagpuan sa tabi lamang ng Barangay Hall na nakapokus sa organikong pamamaraan ng pagsasaka.

Nagsimula ang organic farming sa pamumuno ni dating punong barangay at kasalukuyang Punong Bayan Francis Faustino "Kiko" Dy at hanggang ngayon ay nagpapatuloy pa rin ito sa pamamagitan ng kanyang kapatid na si punong barangay Faustino "Inno" Dy.

Ang *organic farming* ay mainam na paraan sa pagsasaka sapagkat mas masustansya ang mga produkto nito at mas malaki ang kikitain ng mga magsasaka dahil mas maliit ang magiging gastos nila sa pagtatanim. Hindi na kailangang bumili ng mga mamahaling medisina, pestisidyo at mga abono sapagkat lahat ng pamamaraan nito ay pawang organiko.


Ang pamamaraang ito ng pagsasaka ay malaking tulong para mabawasan ang mga maaaring polusyon sa lupa, hangin at tubig na maaaring idulot ng mga pestisidyo o medisina na ginagamit sa pagtatanim kung kaya't malaking proteksiyon ang pamamaraang ito sa ating inang kalikasan.

Kinikilala na din ang *San Fabian Organic Farm* sa mga de-kalidad nitong produkto. Dahil dito, naging *partner store* sila sa *The Butchery Artisan Sausages* na kilala sa larangan ng paggamit ng mga organikong sangkap sa kanilang mga produkto.

Isa din ang *San Fabian Organic Farm* sa mga pinagkukunan nila ng mga berdeng halaman upang gawing *organic pesto* na ginagamit na pang-marinade ng manok at isda na maaari ding ihalo sa salad, pasta at maging sa *pizza pie.*

Marami ding mga guro sa paaralan ang bumibili ng mga punla mula dito para itanim sa kani-kanilang *school garden.* Ayon sa caretaker na si Mang Rodrigo, tuwing *harvest season* ay dagsa ang mga bumibili ng sariwang gulay kagaya ng talong, sili, okra, sitaw, ampalaya, lettuce at iba pa.

Layunin ng San Fabian Organic Farm na imulat ang mga magsasaka sa kahalagahan ng *organic farming,* isang paraan ng pagtatanim na mas *environment friendly,* napapanatili ang sustansiya ng lupa at mas masustansiya at ligtas kainin ang pagkaing inihahain sa ating mga hapag-kainan.





# Pagmamahal sa kalikasan, adbokasiya ng San Juan

Sa gitna ng nakababahalang problema sa basura ng bansa, sinisigurado ng Pamahalaang Barangay San Juan na kailanman ay hindi sila magiging bahagi nito. Ang San Juan ay isang mapayapa at maunlad na barangay sa bayan ng Quirino na may populasyong umaabot sa 2,240 indibidwal, kung saan ang Pamahalaang Barangay at ang buong mamamayan nito ay nagkakaisa tungo sa ikauunlad ng barangay lalo na pagdating sa mga usapin tungkol sa proteksyong pangkapaligiran.

Taong 2011 nang simulan ng mga opisyal ng barangay sa pangunguna ni Punong Barangay Willy Lucas ang pagpapatupad ng mga ordinansang hinggil sa pangangalaga sa kalikasan. Patunay lamang ito na seryoso ang barangay sa kanilang krusada na mapanatiling maganda, malinis at *environment-friendly* ang kanilang pamayanan. Dahil dito, itinanghal na kampeon ang barangay San Juan sa *Search for Most Environmental-Friendly Barangay 2018,* isang patimpalak ng Provincial Environment and Natural Resources Office ng Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela.

Pinarangalan din ito bilang *Best Barangay Ecological Solid Waste Management Implementer* sa buong bayan ng Quirino noong 2014. Aktibo rin ang kanilang *Barangay Ecological Solid Waste Management Committee* sa pamumuno ni Lucas. Alinsunod ito sa mandato ng Republic Act 9003 o Solid Waste Management Act of 2000.

Bukod pa dito ay ang pagkakaroon din nila ng mga *Basura Patroller* na binubuo ng mga barangay tanod sa lugar. May mandato din ang barangay hinggil sa pagkakaroon ng sariling *composting area* sa bawat tahanan upang magamit ito bilang pataba sa lupa para sa kanilang mga hardin.

Ayon kay Lucas, *"Ang aming barangay ay may matinding hangarin na mapangalagaan ang kalikasan. Maliit man ang aming barangay para simulan ang ganitong adbokasiya, umaasa kami na maging ehemplo sa lahat ng barangay, dahil lahat naman ng bagay ay sa maliit nagsisimula. Pasasaan ba't magiging malaking kontribusyon ito sa pangangalaga ng ating kalikasan."*

Bilang bahagi pa rin ng adbokasiyang ito ng San Juan, itinatag ang KARIGO Corn Husk Fashion Accessories Association, isang samahan ng mga kababaihan at out of school youth na pinagkakakitaan ang paggawa ng mga bag, pitaka at iba pang mga palamuti mula sa balat ng mais.

Hangad ng Republic Act 9003 na mapangalagaan ang ating kalikasan sa pamamagitan ng wasto at responsableng pamamahala sa ating *solid waste.* Nawa'y sumunod sa yapak ng barangay San Juan ang iba pang barangay ng Isabela, nang sa gayon ay mapanatili ang kalusugan at integridad ng ating kapaligiran.

Dahil sa mas lumalaking populasyon ng mundo, mas dumarami na rin ang basura sa paligid na nagdudulot ng polusyon sa lupa, tubig at sa hangin na siyang sanhi ng pagkakasakit ng marami. Dahil dito ay hindi malayo na unti-unti na ngang masira ang ating kalikasan kapag hindi pa tayo kumilos. Naniniwala ang mga mamamayan ng barangay San Juan na sa pamamagitan ng pagkakaisa ay malaki ang maiaambag ng bawat isa sa pagkakaroon ng maganda at malinis na kapaligiran.



INFOCUS 2019.indd 24-25
2/14/2019 4:46:48 PM

# BRGY. IPIL, NAGKAISA KONTRA DROGA

Nagkaisa kontra droga ang mga kabataan ng barangay Ipil sa bayan ng Echague at aktibong nakikilahok sa mas pinahusay na programang Barkada Kontra Droga ng mga mag-aaral ng Don Mariano Marcos National Highschool (DMMNHS).

Maliban sa mga *integration lessons* hinggil sa kahalagahan ng pag-iwas sa droga, regular na isinasagawa ng guidance counselor ng paaralan kasama ang BKD peer counselors ang *peer counseling program* kada buwan. Sa pamamagitan ng programa, hinihikayat at pinapayuhan ang mga kabataan na maging masigasig sa kanilang pag-aaral at pagyamanin ang magandang asal.

Bilang isang barkada ay hinihikayat ng mga mag-aaral ng DMMNHS ang iba pang mga kabataan na sumama sa adbokasiya na lumayo o umiwas sa paggamit ng ilegal na droga. Ito ay sa pamamagitan ng *Tree Planting Program* na isinasagawa tuwing huling Biyernes kada buwan. Nagkaroon din sila ng mga outreach program at *Pinta Laban sa Droga at Exhibit.* Isang malaking pagkakataon din para sa mag-aaral at mga guro ang kanilang isinasagawang *Drug Abuse Prevention and Control Week Celebration* na kinatatampukan ng placard making contest, jingle contest, at film viewing.

Sa ilalim ng programang BKD, nahikayat din ang mga guro at mag-aaral na maghawak kamay at patuloy na sugpuin ang pagkalulong ng mga kabataan sa droga bagkus ay palaganapin ang *healthy lifestyle* sa pamamagitan ng *Anti-Smoking Movement and Liquour Ban Campaign* na isinasagawa sa pamamagitan ng pamamahagi ng leaflets at campaign materials sa mga sari-sari stores sa kanilang barangay. Isinagawa din ang *Takbo Kontra Droga* na isang *fun run for a cause* kasama ang mga opisyales ng barangay at mga tanod. Nagkaroon din sila ng *Sports Summer Cap* o isang paligsahan sa volleyball, basketball at zumba dance.

Dahil sa mga aktibidad na ito ay nabigyan ng mga kapaki-pakinabang na gawain ang mga mag-aaral sa kanilang bakanteng oras. Ito ay mga kaalaman na maaaring pakinabangan para sa pag-unlad kung kaya't hinikayat ng mga guro ang mga mag-aaral na isapuso at isaisip ang kaalamang ibinabahagi ukol sa ipinagbabawal na droga.

Ang Barkada Kontra Droga ay inilunsad ng Dangerous Drugs Board (DDB) noong 2004 upang masiguro na hindi na matuksong gumamit ng bawal na gamot ang mga kabataan. Sa taong ito inilusad naman ni Kalihim Leonor Briones ng DepEd ang *"Search for the Outstanding Barkada Kontra Droga Program Implementers"* upang mapaigting ang National Drug Education Program (NDEP) sa pamamagitan ng *preventive education* at *information campaign.*

Ayon kay Briones, umabot na sa 344 na BKD sa buong bansa na may kabuuang bilang na 90,994 na miyembro mula nang maitatag ito noong 2004. Sa ilalim ng programa ay nagkaroon ng youth arm ang Dangerous Drugs Board.







#lakas kabatan kontra droga

**BARANGAY IPIL, ECHAGUE**

# BARANGAY CABARUAN, DRUG-CLEARED NA






Drug-cleared na ang barangay Cabaruan sa siyudad ng Cauayan. Ito ang ipinahayag ni Chairman Ysmael Atienza ng Isabela Anti-Crime Task Force (IACTF), isang NGO na aktibong nakikipagtulungan sa pamahalaang panlalawigan sa pagsugpo ng kriminalidad sa Isabela.

Ang Cabaruan ay isa sa anim na barangay ng Cauayan na nabigyan ng naturang clearance. *"Tagumpay ito ng pinagsanib na puwersa ng provincial government, ng city government ng Cauayan, PNP, PDEA, NBI, MASA MASID, at ng mga partners natin sa barangay, katuwang ang mga NGOs katulad ng IACTF,"* ani Atienza.

Ayon pa kay Atienza, ang Cabaruan ang may pinakamaraming *drug personalities* sa lungsod ng Cauayan. Naging malaking hamon ito sa mga barangay officials sa pangunguna ni dating punong barangay Geronimo Divina.

Nakipagtulungan sina Divina sa mga ahensiya ng gobyerno para malutas ang problema. Ayon kay Atienza, umabot sa halos apat-na-raang drug personalities ang nahimok na sumuko sa mga awtoridad, at dumaan sa *evaluation* na isinasagawa ng Department of Health sa pakikipagtulungan ng pamahalaang panlalawigan ng Isabela, city government ng Cauayan at Phililippine National Police.

Ang mga *severe cases* ay kinailangang dumaan sa rehabilitasyon. Para naman sa ibang *surrenderees,* may inihandang programa ang mga LGU at iba pang ahensiya ng gobyerno para tugunan ang kanilang mga pangangailangan at tuluyan na silang mailayo sa droga.

Nakikipag-ugnayan ang city government sa TESDA para makapagsanay sila sa driving, automotive servicing, welding, baking at iba pang *short term courses,* na tiyak na makakatulong sa kanilang pagbabagong buhay.

Naglaan din sina Governor Faustino Dy III at Vice Governor Antonio Albano ng karagdagang pondo para sa programang pangkabuhayan ng mga *surrenderees* na nakapaloob sa BRO-Livelihood, isa sa 14 bahagi ng tinaguriang *flagship program* ng pamahalaang panlalawigan.

Samantala, lalo pang pinalawig at pinatatag ni Dy ang operasyon ng MASA MASID o Mamamayang Ayaw Sa Anomalya Mamamayang Ayaw Sa Ilegal na Droga. Layunin ng programa na isulong ang advocacy at education campaign tungkol sa illegal drugs, at magkaroon ng epektibong *community-based rehabilitation program* sa mga lokalidad. Katuwang sa pagsusulong ng programa ang Ugnayan ng Barangay at Simbahan (UBAS), mga barangay at ang civil society. May sarili ring tanggapan ang MASA MASID sa Kapitolyo na pinangangasiwaan ni Robert Plata, isang anti-drug crusader. *"Isabela lamang ang may MASA MASID office sa buong Pilipinas,"* ani Plata.

Upang matiyak na magpapatuloy ang estado ng Cabaruan bilang isang *drug-cleared barangay,* isinasagawa pa rin ng mga barangay officials sa pangunguna ni Punong Barangay Benjamin Dy III ang *monitoring* sa mga aktibidades ng mga *surrenderees.* Regular na nakikipag-ugnayan sina Dy sa mga ito upang tuluyan silang magabayan sa kanilang pagnanais na iwaksi ang masamang bisyo at makapagbagong buhay.

Kung pagbabatayan ang kuwento ng Cabaruan, mapagtatanto natin na napakahalaga ng papel na ginagampanan ng mga barangay sa ating adhikaing makamit ang isang *drug-free Philippines.*

**BARANGAY CABARUAN, CAUAYAN CITY**



INFOCUS 2019.indd 26-27 2/14/2019 4:46:49 PM






**BRO.** **Kapwa nanungkulan sa munisipyo. Muling nagtagpo sa Kongreso. Nagtambal patungo sa Kapitolyo. Sa loob ng halos apat na dekada bilang lingkod bayan sa masalimuot at pagkaminsa'y mapanganib na mundo ng pulitika, hindi maikakailang iisa lamang ang kanilang pinanggalingan at pilit binabalik-balikan – ang barangay.**

*"Sa barangay nagsimula ang lahat,"* madamdaming pahayag ni Governor Faustino "Bojie" Dy III. *"Walang BRO kung wala ang barangay,"* pagsang-ayon naman ni dating Vice Governor at kasalukuyang Congressman Rodito Albano III.

Anak ng dalawa sa pinakamakapangyarihang lider ng lalawigan – dating gobernador Faustino Dy o *Ka Tino* at dating Congressman Rodolfo Albano o *Tata Rudy.* Maaari nilang makamit anuman ang kanilang naisin, ngunit likas sa kanila ang kababaang loob, kung kaya't pinili nilang maglingkod sa barangay. Naging barangay kapitan si Governor Bojie at namuno naman sa Kabataang Barangay si Congressman Rodito. Sa barangay nagkrus ang kanilang landas.

Barangay ang kanilang naging tahanan sa loob ng mahabang panahon. Dito namulat ang kanilang kamalayan sa mga reyalidad ng buhay. Dito nabuksan ang kanilang mga mata sa mga suliranin ng lipunan, isang karanasang lalong nagpasidhi sa kanilang hangaring maglingkod sa kapwa Isabeleño. Ito ang nagsilbing pamantasan upang tuluyang malinang ang kanilang kakayahang mamuno, isang pamantayang dapat isaalang-alang ng sinumang magnanais na pasukin ang larangang ito ng public service.

Batid nila ang kakulangan ng pondo sa barangay. Pagtuntong sa Kapitolyo, baon ang mga leksiyong natutunan, binigyan nila ng prayoridad ang pamamahagi ng P200,000.00 na ayuda kada taon sa lahat ng 1,018 na barangay ng Isabela, maliit man o malaki, kaalyado man o hindi. Nabigyan ng karagdagang pondo ang mga barangay na panustos sa kanilang infrastructure projects at iba pang programang direktang napapakinabangan ng mga mamamayan. Sa ngayon, umaabot na sa 1.4 bilyong pisong kabuuang pondo ang naipamahagi ng administrasyong Dy-Albano. Pangako nina BRO, simula pa lang ito.

Idagdag pa dito ang napakalaking pondong inilalaan taon-taon para sa flagship program ng pamahalaang panlalawigan – ang Bojie Rodito Opportunities for Small Farmers. Hatid nito ang mga benepisyo at libreng serbisyo para sa mga maliliit na magsasaka na nakapaloob sa 14 na bahagi ng programa kabilang ang loan assistance (BRO-LAMFP), livelihood assistance (BRO-Livelihood), tulong pang-kapital para sa mga Micro Small and Medium enterprises (BRO-MSME/OFW), Paneguro sa Pananim (BRO-PSP), Ayuda sa Presyo (BRO ASAP), Pantawid Pamasahe Program (BRO-PPP), health coverage (BRO-PhilHealth), health insurance (BRO-Healthcare), animal dispersal (Paiwi ni BRO), accident insurance (BRO-Insurance), SSS coverage (BRO-SSS), Pag-IBIG coverage (BRO-Pag-IBIG), programa Laban sa Undernutrition, sa Sakit, Obesity at Gutom sa barangay (BRO-LUSOG), at scholarship program para sa mga anak ng mga magsasaka na nag-aaral sa kolehiyo (BRO-Ed).

Sa pamamagitan naman ng Farmers Congress ay dinadala ng pamahalaang panlalawigan ang kapitolyo sa barangay, gaano man ito kalayo, upang maipaabot sa mga mamamayan ang iba't-ibang serbisyo ng gobyerno. Mismong Kapitolyo na ang lumalapit sa kanila, ni hindi na kailangang bumiyahe at gumastos pa.

Inilunsad din ng administrasyong Dy-Albano ang programang *"Sagip Mata, Sagip Buhay"* sa pakikipagtulungan ng Department of Health at ng Philippine Charity Sweepstakes Office. Ito ay isang mobile clinic na umiikot sa mga barangay ng iba't-ibang bayan at siyudad upang magsagawa ng libreng diagnostic at refraction services at mamahagi ng libreng salamin sa mata sa mga indigents.

Isa pang proyekto ni Congressman Albano ang tumutugon naman sa pangangailangan ng mga persons with disabilities (PWDs). Nakikipag-ugnayan ang tanggapan ni Albano sa mga alkalde ng iba't-ibang bayan at siyudad upang matunton ang mga PWD kahit sa pinakaliblib na barangay nang sa gayon ay maideliver sa kanilang mga tahanan ang wheelchair, saklay, walker at iba pang assistive devices, depende sa kanilang medical condition o pangangailangan. Special delivery ito, isang tatak BRO.

Malaking bahagi ng mga programa ng tambalang BRO sa nakalipas na walong taon ay nakatuon sa pagsulong at pangangalaga sa interes ng mga barangay. Sa maraming pagkakataon ay kanilang napatunayan ang kanilang pagmamahal at malasakit para sa kanilang mga BRO sa barangay. Nasa Kongreso man o sa Kapitolyo, tila nakatatak na sa kanilang puso't isipan ang kanilang kapakanan. Walang kupas at kailanman ay hindi magbabago.

Malayo pa ang lalakbayin ng tambalang BRO, ang samahang pinanday sa barangay at pinatibay ng panahon. Saan man sila dadalhin ng kanilang hangaring patuloy na makapaglingkod, makakaasa tayong hindi nila makakalimutan ang kanilang pinagmulan at hindi nila tatalikdan ang kanilang nasimulan.

Dahil ang paglilingkod sa barangay ang kanilang dakilang simulain.



INFOCUS 2019.indd 28-29 2/14/2019 4:46:51 PM

# LEAGUE OF VICE GOVERNORS OF THE PHILIPPINES

As legislators who have been chosen by the people to take up the cudgels of local legislation, the Vice Governors felt that the mandate was not enough. There was still the burning desire to improve and continue the process of legislative development to bring about policy reforms. This continuing refinement of the local legislative process can be sustained through the LEAGUE OF VICE GOVERNORS OF THE PHILIPPINES (LVGP).

The LVGP is a non-stock, non-profit and non-government organization composed of the heads of the Sangguniang Panlalawigan of each province in the country.

## OUR VISION

A strong, dynamic and cohesive national organization of highly motivated Vice Governors whose opinions are well respected and considered in bringing about reforms in government and whose leadership is responsive in effecting changes for local and national development.

## OUR MISSION

To continuously build a strong advocacy group, to be "one voice" in policy and legislative reforms through unity, enhanced capabilities and established national and international linkages.

## GOALS

To enhance the skills of the Vice Governors as well as build capabilities of the Sangguniang Panlalawigan.

To promote fraternal support support for greater unity and cooperation.

To maintain harmonious relationships between executive and legislative branches of government.

To establish strong linkages and networks with national and international institutions.

To institutionalize a strong advocacy voice in policy and legislative reforms.

## MAJOR STRATEGY

To be the "one voice" in bringing about policy and legislative reforms through enhanced skills and capabilities of Vice Governors and Sangguniang Panlalawigan and organizational unity with established linkages and networks.

## SIX POINT AGENDA

Capacitating the Sangguniang Panlalawigan
Capability Building Program for Vice Governors
Linkaging and Networking
International Relations
Advocacy
Organizational Strengthening

## STRATEGIES FOR ACTION

Program Development for Sangguniang Panlalawigan

Legislative Agenda Setting

Staff Support Setting

Staff Support Development

Seminar-Workshop on Legislative Functions
Sharing Sessions

Site Cross Visits

Lakbay Aral

Establishing Partnerships With:

Other Leagues
Non-Government Organizations/POs
National Government Agencies
International Funding and Support
Where LGVP Opinions are Heard and Considered
Strengthen Organization Through Team Building Activities
Motivational Activities for Members
Regular Meetings in Different Venues
Planning and Direction Setting Sessions and Workshops

## PROGRAMS AND ACTIVITIES

The League of Vice Governors is one of the most active and dynamic organizations of public officials in the country today. Although still a relatively young organization, the LVGP has successfully undertaken many significant activities in pursuit of its objectives.

## THE LVGP NATIONAL CENTER

The national headquarters of the League of Vice Governors of the Philippines is located at the 5th Floor of the Future Point Plaza situated at the heart of Quezon City. Acquired in 1999, the headquarters is now one of the centers for the advancement of local autonomy and decentralization. The LVGP National Center houses the League's secretariat, responsible for organizing its programs and activities.



**VICE + PRESIDENT**
OFFICIALS OF THE LEAGUE OF VICE GOVERNORS OF THE PHILIPPINES LED BY VICE GOVERNOR ANTONIO T. ALBANO OF ISABELA STAND SHOULDER TO SHOULDER WITH PRESIDENT RODRIGO DUTERTE. THIS PHOTO WAS TAKEN SHORTLY AFTER THEIR OATH-TAKING CEREMONIES IN MALACAÑANG.



The new set of officers of the LEAGUE OF VICE GOVERNORS OF THE PHILIPPINES include President ANTONIO T. ALBANO of Isabela, Chairman HUMERLITO A. DOLON of Oriental Mindoro, Executive Vice President JONAH PEDRO D. PIMENTEL of Camarines Norte, Vice President for Luzon HAROLD O. IMPERIAL of Albay, Vice President for Visayas ESTEBAN EVAN B. CONTRERAS of Capiz, Vice President for Mindanao JOEY G. PELAEZ of Misamis Oriental, and Secretary General CARLO P. LORETO of Leyte.



INFOCUS 2019.indd 30-31 2/14/2019 4:46:51 PM



















Now on his second term, Vice Governor Antonio "Tonypet" T. Albano, currently holds two national positions – LVGP National President and Vice Chair of the Union of Local Authorities of the Philippines (ULAP).

The LVGP is a non-stock, non-profit and non-government organization composed of the heads of the Sangguniang Panlalawigan of each province of the country aimed at improving and continuing the process of legislative development to bring about policy reforms in the country. ULAP is the umbrella organization of all leagues of local government units and locally elected government officials.

His extremely tight schedule as vice governor and presiding officer of a very dynamic Sangguniang Panlalawigan, could not stop him from pursuing his other passion – as leader of civil society organizations also committed to serve the people. He is the Chairman of Philippine Red Cross Isabela Chapter and continues to support Gawad Kalinga, the Philippine Chamber of Commerce and Industry and other special projects like *Liter of Light* and the Department of Education's *Brigada Eskwela*.

The vice governor gets to enjoy the best of both worlds. He is the second most powerful man in the country's second largest province, engages himself in the affairs of national government from the standpoint of local governance and attends to the noble pursuits of civil society as a means to attain the nobler purpose of public service.

**THE WEALTH OF EXPERIENCE OF THIS VERSATILE, PROLIFIC AND TIRELESS GOVERNMENT FUNCTIONARY IS *truly remarkable!***





INFOCUS 2019.indd 32-33
2/14/2019 4:47:03 PM



*One for the books*

# Isabela's amazing Bambanti conquers the world

## It's official!

One month after its elevation to the elite *Aliw Awards* Hall of Fame, the Bambanti Festival set a new Guinness world record for gathering 2,495 street dancers dressed as scarecrows and performing non-stop for two hours.

*"After the proper verification, the Bambanti Festival set a new world record for the largest number of human scarecrows. You are officially amazing!"* exclaimed Paulina Sapinska, adjudicator and representative of Guinness World Records.

Governor Faustino Dy III and Vice Governor Antonio Albano received the certificate of recognition from Sapinska amid thunderous applause from the ecstatic performers and spectators who filled the huge grandstand of the Isabela Sports Complex to the rafters.

*"This is the Bambanti's debut in the world stage,"* said Albano. *"Ms. Blessida Diwa's words were prophetic. The Bambanti is truly world class."* Diwa is former Regional Director of the Tourism Department.

*"The Bambanti is the ultimate symbol of the people of Isabela. It represents our diligence, vigilance and resilience,"* said Dy with the pride of a patriarch. *"This world record is an awesome follow-up to the Aliw Awards Hall of Fame trophy,"* he added.

Clasping the global recognition, *"This is for the people of Isabela. Lahat tayo ay Bambanti. Our best attributes as a people deserve a Hall of Fame trophy and a world record,"* he said.

In 2014, the Bambanti Festival float won the grand prize at the prestigious *Aliwan Fiesta*, besting entries from more established festivals like the *Utanon Festival* float of Cebu and the *Panagbenga Festival* float of Baguio City. *Aliwan* is known as the "Mother of All Festivals."

In December 2018, Dy received the fourth *Aliw Award* for Best Festival Practices and Performances in glittering ceremonies at the Manila Hotel. The Bambanti Festival was finally elevated to the Hall of Fame after winning the same honors for four straight years.

Guinness World Records is a global brand, with offices in London, New York, China, Japan and United Arab Emirates with brand ambassadors on the ground around the world. Its mission is *"To be the ultimate global authority on record breaking. That means we research, measure, document and authorize the world's superlatives, from which we create world class products that entertain, inform and inspire people through our unique window on the world."*







# AYUDA SA BARANGAY NG ADMINISTRASYONG DY-ALBANO UMABOT NA SA 1.4 BILYONG PISO

Tinanong ng IsabelaINFOcus ang mga LNB Federation President ng iba't ibang bayan at siyudad ng Isabela kung ano ang kanilang komentaryo hinggil sa Aid to Barangay ng administrasyong Dy-Albano na sa huling pagtaya ay umabot na sa kabuuang 1.4 bilyong piso. Narito ang kanilang mga saloobin:

Ang aid to barangay na ibinigay ng Dy-Albano administration sa bawat bayan at mula sa ating lalawigan ay napakalaking tulong po para sa lalo pang pag-unlad at pagsulong ng aming barangay. Higit na napapadami ang proyekto namin sa aming mga barangay dahil sa dagdag pondong ito na nanggagaling sa pamahalaang panlalawigan.

Pagsasaayos ng daan at installation of street lights ang pangunahin naming proyektong pinaglaanan ng pondo mula sa aid to barangay. Madilim ang mga kalye at delikado kung walang street lights. Naidagdag namin ang pondo para magamit sa paglagay ng mga street lights. Mahalaga ang seguridad ng ating mga kababayan at nakatulong ito na masigurong ligtas ang ating mga tao.

**GAYLOR M. MALUNAY**
**LNB PRESIDENT, CITY OF ILAGAN, ISABELA**

*Ang masasabi naming mga taga Sto. Tomas ay malaking bagay at malaking tulong sa amin itong aid to barangay ng Dy-Albano administration. Sana po ay patuloy pa rin kaming mabigyan para po sa pagpapatuloy ng aming mga proyektong nasimulan. Maraming salamat po sa mga tulong na naibigay niyo sa amin at pangako po namin na inilalaan at ginagamit namin ito sa mga proyektong makakabuti sa ating bayan.*

*Inilaan po namin ang aid na ipinamahagi sa amin sa solar dryer, road concreting, improving of barangay hall, day care center rehabilitation, covered court, farm to market road, street lights, rehabilitation of drainage canal, air conditioning unit to barangay hall/session hall, barangay outpost at pumpwell.*

**EDUARDO M. TALAUE, SR.**
**LNB PRESIDENT, STO. TOMAS, ISABELA**

*Sa aming bayan, lalung-lalo na sa aming barangay ay ikinagagaan ito sapagkat napapabilis ang pag-accomplish ng bawat proyekto katulad ng road concreting sa aming barangay. At sana sa kasalukuyang administrasyon ay palawigin pa muli ang ganitong programa ng ating butihing gobernador at bise gobernador. Ang ganitong programa para sa ating minamahal na lalawigan ng Isabela ay lubos na kinagagalak namin at inaasahan namin na sana ay magpatuloy pa ito kahit sa mga susunod na panahon dahil malaki ang naibibigay nitong tulong sa mga opisyales lalo na sa mga paggawa ng proyekto. Muli, taas noo kaming sumasaludo sa lahat ng ganitong programa ng ating mga namumuno dito sa mahal na probinsyang Isabela.*

*Dito po sa aming barangay ay inilalaan namin ang natatangap naming aid na galing sa kapitolyo sa continuation po ng barangay road concreting sapagkat alam naman natin na kulang na kulang ang bilaran sa panahon ng anihan para makatulong lalo sa ating mga minamahal na magsasaka kaya ito po ang priority project namin sa aming barangay. Ang perang galing din sa aid to barangay ay sinisiguro naming napupunta sa tamang kalalagyan. Napakaimportante ng mga ani ng ating magsasaka dahil ito ang pinagkukunan nila ng hanapbuhay at malaking tulong ang pagpapalawig ng daan para may magamit na bilaran ang ating mga kababayan.*

**REYNALDO T. PANGANIBAN, SR.**
**LNB PRESIDENT, ANGADANAN, ISABELA**

Nagpapasalamat po kami sa Dy-Albano administration dahil sa isang napakalaking tulong sa aming bayan para sa lahat ng barangay naming nasasakupan. Magagamit namin ang perang nakuha sa aid to barangay para sa pagpapatuloy ng mga proyektong hindi pa namin natatapos at magsimula ng iba pa kung sakaling may natitira pa sa perang nakalaan sa barangay. Lubos na nakatutulong ito sa pagpapaganda at pagpapaunlad ng aming lugar lalo na sa mga lugar kung saan hindi pa gaanong maayos ang mga daan o di kaya drainage at mga canal.

Inilaan po namin ang pondong ito sa aming barangay (Brgy. Malasin) sa electrification ng aming parke upang maging mas kaaya-aya at ligtas para sa lahat ng mga nagnanais pumasyal lalo na ang mga kabataan. Makakatulong po ito sa turismo ng aming bayan at masisigurado po namin ang kaligtasan dito sa aming barangay. Ang iba rin po ay inilaan namin sa pagpapagawa ng flooring ng aming basketball court na malaking pakinabang para sa lahat ng aming mga manlalaro upang maging aktibo sa larangan ng palakasan at mapagtibay ang samahan at pagkakaisa at upang makaiwas na rin sa mga masasamang gawain.

**EMMA A. TABERNER**
**LNB PRESIDENT, MACONACON, ISABELA**







INFOCUS 2019.indd 34-35 2/14/2019 4:47:08 PM

Napakalaking tulong ng aid to barangay ng Dy-Albano administration lalung-lalo na sa mga proyektong ipinapatupad sa mga barangay dahil nakakadagdag ito para sa mga pondo ng ibat-ibang proyekto sa mga barangay. Alam naman nating hindi sapat ang budget para sa mga napakaraming dapat isaayos sa mga lugar at itong pondong mula sa aid to barangay ay malaking tulong na, dahil kahit papaano ay maitutuloy na ang mga proyektong naumpisahan na hindi natuloy dahil sa kawalan ng pondo. Sana po ay bigyan pa kayo ng maykapal ng magandang kalusugan para maipagpatuloy pa po ninyo ang ganitong gawain at sana sa mga susunod pang panahon ay may ganito pa ring matatanggap ang bawat barangay.

Ginamit po namin ang pondong ito sa mga sumusunod na proyekto: maintenance of barangay roads, continuation of the construction of evacuation center, installation of pipes for water system, construction of comfort rooms, maintenance of canal and culvert.

**ALBERTO M. BATTUNG**
**LNB PRESIDENT, BRGY. MALLIG, ISABELA**

*Ang aid to barangay ng Dy-Albano administration ay isang programang nakapagbibigay ng malaking tulong at ginhawa sa isang barangay. Dahil sa programang ito, nakapagpagawa kami ng mga infrastructure projects na siyang ginagamit ng aming mga kabarangay para sa kanilang produktong agrikultura para mapabilis ang pagbiyahe ng kanilang mga ani. Inilaan namin ang pondo sa pagpapagawa ng daan kung saan hindi na mahihirapan ang ating mga magsasaka sa pag-asikaso ng mga ani. Alam naman nating ito ang pinagkukuhanan nila ng pangkabuhayan at mas maganda sana kung mas mabibigyan ito ng pansin. At dahil sa pondo ay makatutulong ito sa pagpapaayos ng daan at pagpapatuloy ng iba pang proyekto.*

*Ang isang kongkretong proyekto na pinaggamitan namin ng pondong ito ay ang pagpapagawa ng solar dryer at farm to market road. Dahil sa mga proyektong ito ay napabilis at napagaan ang mga trabaho ng ating mga magsasaka para sa kanilang produktong agrikultura. Ito ay isa sa mga daing ng ating mga magsasaka, ang mahirap na pagbiyahe ng mga ani dahil sa mahirap na daan, at dahil naisaayos ang ibang mga daan, nabigyan ng solusyon ang hinaing ng ating mga magsasaka.*

**ALFREDO P. BURKEY, JR**
**LNB PRESIDENT, GAMU, ISABELA**

*Ang pamunuan ng Dy-Albano ay malaki ang naitutulong sa aming barangay lalung-lalo na sa mga inilulunsad na BRO Program sa tuwing nagkakaroon ng farmers congress at mga financial assistance. Malaking tulong din ang pondong nakuha sa aid to barangay para sa pagpapatuloy ng mga nasimulan nang proyekto ng aming bayan na nakaangkla sa ikabubuti ng ating mga kababayan.*

*Ngayong taon ay nakatanggap po ang aming barangay ng financial aid na nagkakahalaga ng P 200,000.00 na ginamit po naming pagpagawa ng 291 meters na drainage canal sa aming barangay. Isang problema sa aming barangay ang canal dahil may mga parte sa aming bayan na binabaha kahit sa kaunting ulan lamang. Hindi man mataas na tubig ngunit nahihirapan na ang mga dumadaan tuwing umuulan. Malaking tulong ito dahil masisiguro natin ang kaligtasan ng ating mga kabarangay.*

**BONIFACIO M. VIERNES, JR.**
**LNB PRESIDENT, BENITO SOLIVEN, ISABELA**

Ang masasabi ko po sa aid to barangay ng Dy-Albano administration ay natutulungan ang halos lahat ng sector kagaya ng sa agrikultura, edukasyon, health, livelihood programs, health insurance, at marami pa pong iba. Excellent ang kanilang team up sa mga kapwa nila Isabeleños dahil inuuna nila ang ikabubuti ng kanilang mamamayan at nasisiguro naman nilang napupunta ang perang ibinibigay nila sa tamang kalalagyan. Magaan sa pakiramdam at isang bawas na iisipin ang pagkakaroon ng dagdag na pondo dahil kahit papaano ay malaki ang tulong nito sa amin sa pagpapatuloy ng mga naumpisahan na naming proyekto.

Sa siyudad ng Cauayan, ang isang kongkretong proyekto kung saan inilaan at ginamit ang pondo ay sa infrastructure at mga road concreting. Isang mabigat na suliranin ang pagkakaroon ng hindi magandang daan para sa ating barangay. At isa ito sa mga prayoridad naming mga opisyales na solusyunan. Dahil sa dagdag pera mula sa aid to barangay, nagkaroon kami ng dagdag na pagkukunan ng pondo para sa aming proyekto.

**VICTOR H. DY, JR.**
**LNB PRESIDENT, CAUAYAN CITY, ISABELA**

*Malaking tulong po ito sa amin. Hiling lamang namin na ipagpatuloy pa ito ng administrasyon dahil hindi lamang ito para sa mga opisyales kundi para sa mga mamamayan at sa ikabubuti ng ating bayan.*

*Drying pavement ang pinaglaanan namin ng pondo at hiling namin ay patuloy pa ang pagbibigay ng pondo dahil magagamit pa namin ito sa iba pang proyekto.*

**EDILIE A. PADILLA**
**LNB PRESIDENT, SAN AGUSTIN, ISABELA**

”

*Ang aid to barangay ay taun-taon na ibinibigay ng Dy-Albano administration sa mga barangay. Napakalaking tulong nito sa pag-unlad ng mamamayan at barangay dahil dagdag ito sa pondo na pwede naming pagkunan para sa mga proyektong nasimulan na namin at gusto naming ipagpatuloy.*

*Mga infrastructure projects kagaya ng farm to market road (concreting), medicare, at iba pang social development sa barangay ang pinaglaanan namin sa pondo mula sa aid to barangay. Road concreting talaga ang isa sa pinakaimportanteng proyekto ang gusto naming gawin dito sa bayan dahil kapag naumpisahan na at natapos ay malaking tulong ito para sa mga susunod pang henerasyon. Hindi lamang bilang daan kundi bilang transportasyon na rin ng mga trabahador patungo sa kani-kanilang bukirin.*

**GLENN V. AGGABAO**
**LNB PRESIDENT, CABAGAN, ISABELA**

Ang aid to barangay ng Dy-Albano administration ay nagdudulot ng kapakipakinabang na mga proyekto sa barangay lalo na sa imprastraktura. Isang halimbawa ay mga daan na pwedeng isagawa gamit ang pera mula sa aid to barangay. Malaking tulong ito sa aming mga opisyales dahil pagkukunan namin ito ng dagdag pondo na magagamit sa pagpapatuloy ng aming mga proyektong nasimulan.

Ang Aid to Barangay ay ginamit namin sa road concreting, health center at multi-purpose hall.

**MANOLITO M. PASCUAL**
**LNB PRESIDENT, JONES, ISABELA**

*The aid to barangay program of the Dy-Albano administration is excellent. An excellent program which helps various barangays in terms of infrastructure projects and health care programs, which is known in helping the barangay officials especially their constituents.*

*We implement road concreting projects and health care programs for the constituents of our barangays.*

**JESSE LEONARDO V. LADDARAN**
**LNB PRESIDENT, RAMON, ISABELA**

Napakaganda po ng serbisyong binibigay nila sa mga mamamayan ng Isabela lalung-lalo na sa larangan ng health, educationn and agriculture. Dagdag po ito na budget para sa aming mga opisyales na magagamit namin sa mga proyektong aming isinasagawa.

Ginamit namin ang pondong ipinagkaloob sa amin sa pagpapatayo ng health centers in coordination with DPWH and DOH, subsidies, seminars and trainings to farmers, health insurance, free education, trainings of anti-drug abuse councils to eradicate drugs, construction and rehabilitation of evacuation centers and trainings and seminars of BDRRMC.

**JIMMY V. GO**
**LNB PRESIDENT, CABATUAN, ISABELA**

*A very good program. It should be increased annually to catch up with the demands of development. Dahil dito ay mas naisasakatuparan naming mabilis ang aming mga proyekto at mas malawak ang nasasaklaw namin sa pagpaplano ng mga proyekto sa aming mga barangay kasi may ayudang nanggagaling sa provincial government.*

*Nagamit namin ang Aid to Barangay sa shelter improvement and infrastructure projects related to disaster management as well as livelihood programs.*

**NOLI B. TAMAYO**
**LNB PRESIDENT, LUNA, ISABELA**

Malaking tulong po sa amin ang aid to barangay ng Dy-Albano administration. Kahit po liblib ang bayan namin, nakakasabay po kami sa pag-unlad ng Isabela dahil sa kanilang tulong at pagmamalasakit. Sana ay ipagpatuloy nila ang ganitong pamimigay ng aid upang sa gayon ay matulungan pa rin ang mga susunod na mamumuno na maibigay ang pangangailangan ng mga mamamayan sa bayan.

Inilaan po namin ang pondong ito sa road concreting sa aming barangay. Malaking problema ang daan sa tuwing umuulan at may bagyo. Pero dahil dito ay natulungan kaming maisaayos ang mga daan. Naipagpatuloy namin ang mga nasimulan ng proyekto at nagbabakasakali kaming maituloy pa at magkaroon pa ng dagdag pondo sa susunod na taon.

**WILLY R. LUCAS**
**LNB PRESIDENT, QUIRINO, ISABELA**





INFOCUS 2019.indd 36-37 2/14/2019 4:47:11 PM

*Ito po ay malaking tulong sa aming mga barangay lalo na sa bayan ng Dinapigue. Sapagkat sa Dy-Albano, walang sayang dahil naibibigay ito sa aid to barangay na nakakatulong sa aming mga kababayan. Sana po lalo pang paigtingin ang programang ito sa mga barangay lalo na sa mga malalayong lugar. Aming hinahangad na sa susunod pang mga pagkakataon ay mabigyan pa rin ang aming bayan ng pondo mula sa aid to barangay dahil malaking tulong ito sa pagsasagawa namin ng mga proyekto. Mabuhay!*

*Ang aming proyekto na pinaglaanan ng nasabing pondo ay ang finishing ng concrete fence para sa aming barangay. Ito ang pinakaproyekto ng aming barangay na pinaglaanan ng pondo mula sa aid to barangay. Dito nakalaan ang budget at ngayong tapos na siya ay maaari na kaming magsimula muli ng panibago at magpatuloy pa ng ibang nasimulan. Sana ay patuloy ang pagbibigay ng aid to barangay dahil malaking tulong ito para sa mga susunod pa naming proyekto. Hindi lamang para sa amin kundi para rin sa iba pang bayan.*

**PAUL JOHN B. DERIJE III**
**LNB PRESIDENT, DINAPIGUE, ISABELA**

Lubos kaming nagpapasalamat sa aid to barangay na programa ng Dy-Albano administration dahil sobrang laki ang naitutulong nito sa aming mga kapitan bilang dagdag pondo para sa aming mga proyekto sa aming mga bara-barangay. Dahil dito ay naiibsan ang mga pagkukulang sa pondo ng aming mga proyekto at nagkakaroon ng mas mabilis na pagasenso sa aming nasasakupan.

Ilan sa mga proyektong nwaipatayo namin sa aming barangay sa tulong ng aid to barangay ng Dy-Albano administration ay ang farm to market road, health center rehabilitation, kiosk development at construction of drainage canals.

**MARGIE RAMOS**
**LNB PRESIDENT, SAN PABLO, ISABELA**

Ang aid to barangay ng Dy-Albano administration ay napakalaking tulong sa aming mga barangay. Ito ay magagamit naming dagdag sa aming pondo para maipagpatuloy ang mga proyektong aming nasimulan na at gusto pang simulan. Aming inaasahan na ipagpapatuloy pa ang ganitong magandang gawain dahil natutulungan nito ang mga opisyales sa pagsasagawa ng proyekto at ang mga mamamayan na magkaroon ng maayos na pamumuhay.

Karamihan sa ibinigay na aid to barangay ay inilagay sa mga farm-to-market road concreting. Malaking tulong ang pondo sa pagsasaayos ng mga daan na araw-araw na dinaraanan ng ating mga mamamayan dito. Isa itong proyekto na maitutuloy pa ng mga susunod na mga opisyales. At dahil sa pondo mula sa aid to barangay ay kahit papano ay maiibsan na ang kanilang suliranin.

**EDUARDO G. VIERNES**
**LNB PRESIDENT, SAN MARIANO, ISABELA**

Isang malaking tulong sa aming barangay ang aid to barangay mula sa Dy-Albano administration. Dahil dito, may karagdagan kaming pondo para sa pagpapagawa ng mga proyekto sa barangay. Malaking tulong ito at sana ay ipagpatuloy pa rin nila ang pamimigay ng ganitong aid kahit sa mga susunod pang mga taon.

Nakapagpatayo kami ng mga proyekto tulad ng tanggapan ng barangay, day care center, at napaayos din ang mga daan sa iba't-ibang barangay kung saan malaking ginhawa ito sa mga mamamayan na aming nasasakupan. Isa kasing suliranin sa aming bayan ang pagkakaroon ng hindi maayos na daan. Ngunit dahil sa tulong ng aid to barangay, malaking ginhawa na ang dagdag pondong ito na nagamit namin sa pagsasaayos ng daan.

**ANGELINA A. BERNARDO**
**LNB PRESIDENT, PALANAN, ISABELA**

*Napakaganda ng aid to barangay program at malaking tulong ito sa aming health program. Marami rin kaming naituloy na proyekto. Hiling lamang namin na tuloy-tuloy na ang pamimigay ng pondo at sana ay dagdagan pa.*

*Inilaan namin ang dagdag na pondo sa road concreting at health program. Malaking tulong ito sa pagpapaayos namin ng daan. Alam naman natin na mahal at mahirap magpaayos ng daan at malaking ginhawa na ang dagdag pera na aming nagamit. At dahil din dito ay mas napapagaan ang access namin sa mga liblib na lugar dahil dito sa ayudang aming natatanggap na nagagamit namin sa pagsasaayos ng aming mga daan sa aming mga barangay.*

**RONNIE V. GALAMAY**
**LNB PRESIDENT, SAN MATEO, ISABELA**

Mula nang mag-tandem sina Dy at Albano, ay tuloy-tuloy ang pagbibigay ng aid sa lahat ng mga barangay sa Isabela at dahil dito ay nakakatulong ng malaki sa aming mga barangay officials sa pagpapagawa ng mga proyekto. Kung noong una ay kapos ang aming bayan sa usaping pera, at hirap sa pagsasagawa ng proyekto, ang aid to barangay ay nagbigay ng malaking tulong para maisagawa namin ang aming mga plano sa barangay. Hindi man lubos ay kung ikukumpara naman natin sa budget na mayroon kami bago pa magkaroon ng aid to barangay, malaki na ang naibigay nitong tulong sa amin.

Naituloy namin ang pagpapatayo ng aming barangay hall at community center. Ginamit naming counterpart ang aming 20% EDF at idinagdag ang aid to barangay. Ang perang natanggap din namin ay ginamit namin sa road concreting at ngayon ay ginagamit na ng mga farmers na bilaran ng kanilang mga ani. Malaking tulong ito sa ating magsasaka dahil kahit papano ay mas mapapadali ang kanilang pagpunta sa mga bayan at pagsasaayos ng kanilang mga ani.

**REYNALDO R. NICOLAS**
**LNB PRESIDENT, NAGUILIAN, ISABELA**

Maganda ang aid to barangay ng Dy-Abano administration dahil marami ang natutulungan sa ating mga kabarangay. Ang pondo mula dito ay magagamit na pandagdag sa mga proyekto na uumpisahan pa lang o itutuloy. Alam nating kulang ang budget sa mga malalaking proyekto at sobrang laking tulong na nito na mapagaan ang budget ng mga opisyales. Sana ay ipagpatuloy ang programa para sa mga susunod pang mamumuno.

Ginamit namin ang aid to barangay sa pagpapagawa ng multi-purpose hall, road concreting, at pagkakaroon ng BRO Health card para sa mga less fortunate family heads ng aming barangay. Sa katunayan ay malaki talaga ang tulong nitong aid to barangay dahil nababawasan ang bigat ng suliranin kapag may dagdag pondo na pwedeng magamit.

**RONALDO S. REÑA**
**LNB PRESIDENT, SAN MANUEL, ISABELA**

*Malaking tulong ito sa aming barangay dahil nagagamit namin ito na pandagdag pondo para sa aming mga proyekto lalung-lalo na sa mga infrastructure projects ng aming mga barangay. Actually, lahat ng mga ibinibigay sa amin ngayon ay halos lahat ay napupunta sa road concreting dahil mahirap talaga ang mgaa daan sa aming bayan ng San Isidro lalo pa at magkakalayo ang aming mga barangay.*

*Road concreting ang aming inunang proyekto mula sa pondong aid to barangay dahil alam naman nating importante ang maayos na daan para sa mga magsasaka dahil napakikinabangan nila ito sa pag-angkat ng produkto nila patungo sa bayan.*

**VILMER B.BRAVO**
**LNB PRESIDENT, SAN ISIDRO, ISABELA**

*Excellent and very helpful! Sana ay ipagpatuloy pa dahil malaking tulong ito na pagkukuhanan ng dagdag pondo para sa mga proyektong uumpisahan pa lamang o itutuloy. Labis na ikinagagalak namin at alam ko na lahat ng lider ng mga barangay sa buong lalawigan kasi nakakatanggap tayo ng ganitong ayuda para sa ikauunlad nating lahat.*

*Supplemental fund for road concreting project. Importante sa amin na matapos ang mga daan na naumpisahan na at dahil sa pondo ay nagkaroon kami ng additional na pera para sa pagpapatuloy ng aming mga proyekto.*

**RANDY E. HIPOLITO**
**LNB PRESIDENT, QUEZON, ISABELA**

Ang aid to barangay ng Dy-Albano administration ay napakalaking tulong sa aming mga barangay dahil pwede namin itong pagkunan sa mga panahong mangangailangan ang aming bayan. Maaari rin itong magamit sa pagsasaayos ng mga daan, para sa pangkalusugan, at iba pa.

Karamihan sa ibinigay na aid to barangay ay inilagay sa farm to market road concreting. Malaking suliranin ito at nakatulong ang pondo sa amin upang maipagpatuloy ang mga naumpisahan na naming gawain.

**EMMANUEL T, JARA**
**LNB PRESIDENT, CORDON, ISABELA**






# Sa Isabela, barangay ang bida!

INFO

Tapping the wonders of technology
and harnessing the power of
information
in pursuit of a stronger citizenry
and more enduring institutions.

**3rd Floor, Information Office,**
**Capitol Building, Alibagu,**
**City of Iagan, Isabela**
323-0248
**letters_info@yahoo.com**
**IsabelaSentro ng AGRIkultura**